# Delubyo at Depopulasyon sa *Awit ni Pulaw* ni E. B. Maranan

ni Mark Anthony S. Angeles

## Abstrak

Maituturing na isa sa mga pinakamatagumpay na kuwentong pambata ni Edgardo Maranan ang *Awit ni Pulaw*, na nagkamit ng Grand Prize sa Philippine Board on Books for Young People (PBBY)-Salanga Writer's Prize noong 1989, inilimbag sa maraming pagkakataon at bersiyon, at isinadula nang maraming ulit. Hinati sa tatlong yugto o episodyo ang pagbali sa muling pagsasalaysay ng paglikha ng mundo: una, ang kuwento nina Bathala at Bathaluman; ikalawa, ang kuwento nina Panganay at Bunso; at, ikatlo, ang “pagbabalik” o muling paglitaw ni Bathala sa ibabaw ng Lupa. Sa papel na ito, inilugar ang akda ni Maranan sa panitikang post-Martial Law at apokaliptisismong pangkapaligiran (*environmental apocalypticism*), gamit ang lapit ng ekokritisismo.

***Mga Susing Salita:*** panitikang pambata, post-Martial Law, ekokritisismo, Edgardo Maranan

## Introduksiyon

*Mayroong dahilan at nabubuhay ang lahat—  
Hangin, tubig, halaman, hayop at puno sa gubat.  
Bawat isa’y mahalaga, kapag isa’y napahamak...  
Simula na ng wakas...ang wakas ay pagkawasak.*

Ang saknong sa itaas ay sipi sa aklat pambatang *Awit ni Pulaw* ni E. B. Maranan, mula sa kuwentong pambatang nagkamit ng Grand Prize sa Philippine Board on Books for Young People (PBBY)-Salanga Writer’s Prize noong 1989. Ang saknong na ito ay bahagi ng awit ng ilog na si Pulaw, isa sa mga likha ni Bathala sa daigdig.

Natatangi ang “Awit ni Pulaw.” Una, dahil ipinapakita nito ang husay ni Maranan sa pagsulat ng kuwentong pambata. Ito ang una sa winning streak ni Maranan sa nasabing timpalak. Nagwagi ng Grand Prize ang kaniyang “Si Sibol at si Gunaw” noong 1990 at ang kaniyang “Si Sabel, Si Sabiong Lumba-Lumba, at ang Hiwaga sa Laot” noong 1991. Paglalarawan ni Maranan sa isang personal na panayam noong 2016, pawang tungkol sa kalikasan o kapaligiran at kontra sa mga kaaway ng kalikasan ang tatlong kuwento. Bukod sa mga ito, nagkamit din ng Karangalang Banggit sa parehong timpalak noong 1990 ang kaniyang “Ang Apoy sa Nayon ng Samba.”

Ikalawa, inilalarawan nito sa mga mambabasang paslit ang idea ng rekonstruksiyon pagkaraang maranasan ng komunidad ang epekto ng delubyo at depopulasyon, bilang isang kuwentong pambatang nagwagi at nalimbag sa isang panahon sa kasaysayan at panitikan ng bansa matapos ang paghahari ng diktadurang Marcos.

## Lokasyon ni Maranan sa Panitikan

Si Edgardo Barca Maranan—kilala rin bilang E. B. Maranan. Edgar B. Maranan, at Ed Maranan sa kaniyang mga akda—ay isinilang sa Baryo Cupang, Bauan, Batangas noong 7 Nobyembre 1946.

Lumaki sa Lungsod ng Baguio si Maranan at nagtapos ng hayskul sa St. Louis College. Noong 1963, kinatawan niya ang bansa sa *New York Herald Tribune* World Youth Forum. Nag-aral siya ng Bachelor of Arts in Foreign Service sa University of the Philippines (UP), Diliman at nakatapos noong 1967. Sa edad na 18, sumali siya sa Kabataang Makabayan. Sa isa sa kaniyang mga akda, isinulat niyang ang *The Forest: A Personal Record of the Huk Guerrilla Struggle in the Philippines* ni William J. Pomeroy ang dahilan kaya siya naging aktibista.

Nang magsimula ang Sigwa ng Unang Kuwarto, nagtuturo ng Political Science sa UP Diliman si Maranan. Sumapi siya sa lihim na kilusan nang ideklara ni dating Pangulong Ferdinand Marcos ang Batas Militar noong 1972. Hinuli siya noong 1976 at ikinulong nang mahigit dalawang taon sa Bicutan Rehabilitation Center. Sa Bicutan niya isinulat ang dulang “Ang Panahon ni Cristy” na nagwagi ng Unang Gantimpala sa categoryang Dulang Ganap ang Haba sa Don Carlos Palanca Memorial Awards (o Palanca) noong 1978. Nang makalaya, sumali siya sa grupong Galian sa Arte at Tula (GAT), saka naging opisyal ng Tunay na Alyansa ng Bayan Alay sa Katutubo (TABAK).

Naging fellow si Maranan sa Dumaguete Writers Workshop sa Silliman University noong 1972. Naging writer-in-residence siya sa Iowa International Writing Program noong 1985. Naging National Fellow for Poetry siya sa UP Creative Writing Center noong 1988. Ipinadala rin siya sa International Writers’ Residence sa Le Chateau de Lavigny, Switzerland noong 2006.

Umabot sa 35 premyo ang napanalunan ni Maranan sa Palanca para sa kaniyang mga dula, tula, sanaysay, maikling kuwento, at kuwentong pambata, hanggang sa kilalanin siya bilang Palanca Award Hall of Famer noong Setyembre 2000. Nagwagi din siya sa iba pang mga timpalak gaya ng Cultural Center of the Philippines Annual Literary Contest, Palihang Aurelio Tolentino Playwriting Competition, Surian ng Wikang Filipino, Philippines Free Press Literary Awards, Nick Joaquin Literary Prize for Fiction, Filamore Tabios Sr. Memorial Poetry Prize (Meritage Press, USA), National Commission for Culture and the Arts (NCCA) Writer’s Prize, at iba pa.

Kasama sa 50 aklat ni Maranan ang *Alab: Mga Tula at Agon: Poems*, kapuwa koleksiyon ng mga nagwagi niyang tula, na inilimbag ng UP Press noong 1982. Nagkamit din ng pagkilala mula sa National Book Awards ang *Kudaman: Isang Epiko ng Palawan na Inawit ni Usuy*, na isinalin nila ni Nicole Revel McDonald at inilimbag ng Ateneo de Manila University Press noong 1991. Inilimbag din ng Bookmark, Inc. ang marami sa kaniyang mga premyadong kuwentong pambata.

### ***Awit ni Pulaw, Isang Kuwentong Mulát***

Mulát at progresibo ang mga kuwentong pambata ni Maranan. Mulát, dahil nakabukas ang mga mata sa paglalarawan sa mga suliraning panlipunan, at progresibo, dahil naghahanap ng panlipunang pagbabago.

Kapuri-puri hindi lamang ang husay sa panulat ni Maranan, kundi maging ang panlipunang realismo at tapang sa pagtalakay sa mga paksa, gaya ng militarisasyon, usaping agraryo, at kalagayan ng mga pangkat etnolingguwistiko sa bansa (Evasco 2013). Halimbawa nito, ang



kaniyang “Pamana ng Bundok,” na nagwagi ng Unang Gantimpala sa kategoriyang Maikling Kuwentong Pambata sa Palanca noong 1989, ay tumalakay sa karahasan ng militar sa mga pamayanang kultural, habang ang kaniyang “Ang Ambahan ni Ambo,” na nagkamit ng Ikalawang Gantimpala sa parehong kategoriya ng Palanca noong 1991, ay tungkol sa ugnayan ng mga batang tagalungsod at batang Mangyan, gamit ang katutubong tulang ambahan (Tiamson-Rubin at Evasco 2001, 114-115).

Sa mga temang nakatas ni Torres-Yu sa halos 150 kuwentong pambatang may kaugnayan sa karahasan at kapayapaan, dalawa ang tangan ng *Awit ni Pulaw*: (1) kailangang matuto ang mga bata na magpahalaga sa kalikasan; at (2) dumaranas ng ligalig at kawalan ng kapayapaan ang tao kapag inaabuso ang kalikasan (2011, 17-18).

Nasubok na ng panahon at hindi na mapapasubalian ang angking kapangyarihan ng *Awit ni Pulaw*, lalo pa’t tumawid na ito sa iba pang mga wika at genre.

Ang unang bersiyon ng kuwento ni Maranan ay nalimbag noong 1992, sa tulong ng United Nations Children’s Fund (UNICEF). Samantala, inilimbag ng Transition Publications, Inc. ang aklat pambatang salin nito sa Ingles (*The Song of Pulaw*) noong 1992. Inilimbag naman ng Bookmark, Inc. noong 2007 ang bagong bersiyon ng manuskritong nagwagi sa PBBY kasama ng salin sa Ingles.

Sa panayam kay Maranan, sinabi niyang “pulo o isla ang kahulugan yata” ng *púlaw* “pero sa aking kuwento/libretto, naging pangalan ng ilog.” Isa ang “pulo” sa mga kahulugan ng nasabing salita (sa wikang Maguindanao) sa *UP Diksiyonaryong Filipino* (2009, 1027). Isinama na rin sa ikalawang edisyon ng diksiyonaryo ang kahulugang “kalungkutan na dulot ng pag-iisa” na mula sa *Vocabulario de la lengua Tagala* (2013, 431).

Mahihiwatigan sa *Awit ni Pulaw* ang minulang rehiyon ni Maranan. Ginagamit sa Timog Katagalugan ang mga binanggit na salitang gaya ng *bukal at bálóng* (“pinagmulan”), *lagunlong* (“tunog ng hangin sa gubat”), *linggal* (“ligalig”), *naglimayon* (“namasyal”), *nagtitibatib* (“pagdami ng dumi”), at *ragáy* (“tunog ng tambol”). Galing sa glosaryo ang mga kahulugang nabanggit.

Mahusay na natukoy ni Torres-Yu ang partikular na tema (“muling pagkabuhay sa daigdig at bagong simula”) at buod ng kuwento sa bersiyong 2007 (2011, 25). Nilikha ni Bathala at Bathaluman ang santinakpan at kalikasan. Sa lupang daigdig na nilikha ni Bathala, mahinagpis na aawitin ng ilog na si Pulaw, sa nayon ng Maulap, ang pagkawasak ng kalikasan. Lilikhain ni Bathala sina Lalaki at Babai. Matapos ang angaw na taon, makikilala ng mga mambabasa sina Panganay at Bunso, na naglalaro sa paanan ng Bundok Makulot. Paliwanag pa ni Torres-Yu:

*Dalawang estratehiya ng pagkukuwento ang ginamit: 1) ang pagtukoy sa panaginip ni Bathala samantalang naiidlip sa ilalim ng lupa na naglalarawan sa daigdig na nilikha ni Bathaluman—“mapayapa at maayos na daigdig,” na may mga taong “magkakaibigang tunay at pantay,” at nag-aaruga sa kalikasan; at 2) ang pag-awit ng isang ilog ng bagong simula.*

Noong 1990, kinomisyon ng children’s choir na University of the Philippines (UP) Cherubim and Seraphim si Maranan para isulat ang libretto batay sa kuwentong pambata. Ang produksyon ng dulang “Awit ni Pulaw” ay unang itinanghal noong 15 Agosto 1991, para sa pagdiriwang ng ika-20 anibersaryo ng nasabing pangkat ng mga batang mang-aawit. Si Pambansang Artista para sa Musika Dr. Ramon Santos ang naglapat ng musika. Iniba ang pangalan ng mga tauhan nang lalong tumining ang tunggalian sa kuwento:

*Ang “Awit ni Pulaw” ay tungkol sa wala-sa-lugar na pagkalikha ng mundo ng isang palalo, makasariling lalaking diyos na nagngangalang Igaddu, at ang kapahamakang nangyari nang sina Unang Lalaki at Unang Babae, ang mga ninuno nina Uttuy at Lin-Lin, ay pinahintulutang lapastanganin ang mundo, ang kapaligiran nito, at ang labat ng mga nilalang dito (Sa akin ang salin).*

Noong Hulyo 2016, sa pagdiriwang ng ika-45 anibersaryo ng UP Cherubim and Seraphim, muling itinanghal ang “Awit ni Pulaw” sa University Theater Stage, UP Diliman. Si Prof. Roselle Pineda ng UP Department of Art Studies ang tumayong direktor. Samantala, tumayong musical directors naman sina Eudenic Palaruan ng UP College of Music at Christopher Borela ng Philippine Madrigal Singers. Si Angel Lawenko-Baguilat ng UP Dance Company ang tumayong choreographer.

Nasa ikatlong panauhan ang tagapagsalaysay ng *Awit ni Pulaw* ni Maranan. Gayunman, ang bahagi ng kuwentong naganap sa Bundok Makulot—maaaring muling salaysay at/o adaptasyon ng mga katutubong naratibo sa bansa—ay magagamit na himaton sa pagpili ng rehistro ng wika. Ang totoo ng Bundok Makulot ay nasa Cuenca, Batangas.

Hindi lamang isang kuwentong pambata tungkol sa pangangalaga sa kalikasan ang akda ni Maranan. Sari-sari ang nibel nito—mula sa muling pagsasalaysay (*retelling*) o pagtatahi ng mga bahagi ng salaysay ng mga tradisyonal na kuwento ng ating bayan (mito, alamat, epiko, kuwentong bayan—sa anyong tula man o tuluyan) hanggang sa mensahe nitong apokaliptiko. Hinahamon nito ang hangganan ng kuwentong pambata at, sabihin pa, ng ano mang kuwentong pang-ekolohiya ang tema.

## Muling Pagsasalaysay sa mga Mito ng Paglikha

Ang pagpapahalaga natin sa mga katutubong salaysay ay iba sa pagpapahalaga ng mga nagsalaysay ng mga ito noong panahon bago tayo sakupin hanggang sa unang siglo ng pananakop ng mga Kastila. Itinuturing nating “panitikan” ang kanilang mga salaysay, gaya ng pagbasa natin ngayon sa mga nalathala at nakalimbag na teksto.

Ayon kay Rene Villanueva (2006), malayong maituring na pambata at hindi binuo sa kapakanan ng bata, ang mga alamat at mito, at marami sa tinatawag na kuwentong-bayan. Nalikha ang mga ito sa tinawag niyang “unang panahon” na hindi pa siyentipiko kung mag-isip ang ating mga ninuno. Dahil maipapalagay na bata pa ang mundo sa panahong iyon, maraming bagay ang nakapagtataka at nangangailangan ng paliwanag.

Dapat bihisan ng bagong kaalaman o halagahan ang muling pagsasalaysay para sa kontemporaryong lipunan. Paliwanag ni Villanueva, dapat mag-isip ang modernong kuwentista kung paano makapaglilingkod ang mga kuwentong-bayan sa kontemporaryong mambabasa. Dagdag pa niya:

*“Hindi sapat na muling isalaysay ang mga kuwento para marinig ng mga bagong tagapakinig o kaya ay muli silang isalaysay sa bagong anyo, gaya ng dulang musikal. O isalaysay lamang sila gamit ang modernong wika at mga kontemporaryong pamamaraang pansining.”*

Mahihimaton ito sa analohiya ng kritikong si Terry Eagleton (1996). Aniya, halimbawa, sa isang dalubhasa at arkeolohikong pananaliksik, may matuklasan pa tayo nang higit sa alam natin sa kung ano ang kahulugan ng dulang trahedya para sa mga sinaunang Griyego na unang nanood nito, napagtanto natin na malaki ang pagkakaiba ng pagpapakahulugang ito sa atin, at muli nating basahin ang mga dula sa diwa ng mas malalim na kaalamang ito.

Maaaring hindi na tayo masiyahan sa kanila, paalala ni Eagleton. Maaaring maunawaan na natin na nasiyahan tayo sa kanila dati dahil hindi natin sinasadyang basahin sila sa sariling oras natin. Kapag nangyari ito, maaaring hindi na mangusap ang dula nang may kahulugan gaya ng akala natin. Paliwanag pa niya:

*“Dahil sa katotohanang lagi tayong may interpretasyon sa mga akdang pampanitikan nang isinasaalang-alang ang mga sarili nating alalahanin na sa isang bahagi ng “ating sariling mga alalahanin,” wala tayong kakayahang gumawa pa ng iba, ang maaaring dahilan kung bakit ang halaga ng ilang mga akdang panitikan ay tila nananatili sa pagdaan ng mga siglo.” (10) (Sa akin ang salin).*

Muling inaakda ang lahat ng akdang pampanitikan, ayon kay Eagleton. Maaaring hindi maláy na ginagawa ito ng lipunang nagbabasa sa kanila. Wala umanong pagbabasa ng isang akda nang hindi sangkot ang “muling pagsulat.” Walang likha, o pagsusuri sa mga ito, na ipinapasa sa bagong pangkat ng mga tao nang hindi binabago. At maaaring hindi pa makilala ang orihinal sa prosesong ito.

Mahalagang maunawaan ang sitwasyong ito hindi lamang sa punto ng muling pagsasalaysay ng mga katutubong kuwento, kundi maging ng pagsusuri ng bigat ng isang akda sa usapin ng ekolohiya (ekokritisismo). Paliwanag pa ni Eagleton:

*“Walang akdang pampanitikan o tradisyon na mahalaga na, kabit ano pa ang pahayag ninuman tungkol dito. Ang “Halaga” ay isang terminong transitibo: nangangahulugan ito na anumang pinahahalagahan ng ilang partikular na tao sa ilang partikular na sitwasyon, ayon sa partikular na pamantayan at sa inilahad na layon” (Ibid.) (Sa akin ang salin).*

Ang mga mito, ayon kay Damiana Eugenio, ay malaking bahagi ng mahalagang genre ng katutubong panitikan. Sa kaniyang introduksiyon sa *The Myths*, ang ikalawang tomo sa *Philippine Folk Literature Series*, ipinaliwanag niyang kasama ng mga ito ang mga alamat at kuwentong bayan sa korpus ng mga katutubong naratibong tuluyan (xxi).

Para masinsin ang mga batayang katangian ng mga mito, sinipi ni Eugenio ang paghahambing ni William Bascom sa mito at alamat.

*“Ang mga mito ay mga prosang naratibo na itinuturing ng nakakarinig na komunidad bilang mga salaysay na totoong nangyari sa malayong nakaraan, para sa komunidad na nakaririnig ng kuwento. Tinatanggap sila sa pamamagitan ng pananampalataya; itinuturo na dapat paniwalaan; at maaaring banggitin bilang awtoridad bilang sagot sa kamangmangan, pagdududa, o kawalang-paniniwala. Pinakadiwa ng dogma ang mga mito; karaniwan silang sagrado; at madalas silang nauugnay sa teolohiya at ritwal. Karaniwang ang kanilang mga pangunahing tauhan ay hindi mga tao, ngunit madalas silang may mga katangian ng tao; sila ay mga hayop, diyos, o mga bayaning pangkultura na umiiral sa mas sinaunang mundo; sa daigdig na iba sa kasalukuyan, o sa ibang mundo, tulad ng kalangitan o ng underworld. Isinasalaysay ng mga mito ang mga katangian ng mga ibon, mga hayop, mga katangiang heograpikal, at mga penomeno ng kalikasan. Isinasalaysay rin ng mga ito ang mga gawain ng mga diyos, ang kanilang mga pag-iibigan, ang kanilang mga relasyon sa pamilya, ang kanilang pagkakaibigan at awayan, ang kanilang mga tagumpay at pagkatalo.”*

*“[Samantala,] ang mga alamat ay mga prosang naratibo na, gaya ng mga mito, ay itinuturing na mga totoong pangyayari ng tagapagsalaysay at ng kaniyang mga tagapakinig, ngunit nangyari sa isang panahon na hindi gaanong malayo, sa mundong gaya ngayon. Mas madalas na sekular kaysa sagrado ang mga alamat at tao ang mga pangunahing tauhan. Isinasalaysay ng mga ito ang tungkol sa mga migrasyon, mga digmaan, mga tagumpay, mga nagawang kabutihan ng mga bayani, mga pinuno, at mga hari, at magkakasunod na mga naghaharing dinastiya” (xxv) (Sa akin ang salin).*

Itinalâ din ni Eugenio ang pagkakategoryang tinawag niyang “Mga Motif na Pang-Mitolohiya” (“Mythological Motifs”). Hinalaw niya umano ito sa *Motif-Index of Folk Literature* ni Stith Thompson (xxiii).

Gaya ng nabanggit sa itaas, may sari-saring nibel ang akda ni Maranan. Maipapasok ang *Awit ni Pulaw* sa mahigit sa isa sa mga kategorya. Maaari itong hatiin sa tatlong yugto: una, ang kuwento nina Bathala at Bathaluman; ikalawa, ang kuwento nina Panganay at Bunso; at ikatlo, ang “pagbabalik” o muling paglitaw ni Bathala sa ibabaw ng Lupa. Ang bawat yugtong ito ay maaaring ipasok sa mga sumusunod na motif: *The Gods: Their Activities and Relationships, Cosmogony and Cosmology (The Creation of the Universe/Earth)*, at *World Calamities: The Great Flood/Deluge*.

Maaaring libakin ng marami ang pa-trilohiyang kuwento ng *Awit ni Pulaw*. Sa katunayan, puna ni Almario, dapat na payuhan ng isang mahusay na editor si “Ed Maranan upang putulan dahil lubhang mahabà ang kaniyang kuwentong ‘Ang Awit ni Pulaw’” (2017, 178). Sa madaling sabi, hindi ito pasok sa maikling maikling kuwentong pambata para sa mga pahina ng estandard na aklat pambata. Gayunman, lehitimo ang pagkakaroon ng maraming episodyo ng akda ni Maranan dahil gayon din naman ang katangian ng karamihan sa mga katutubong naratibo. Sa *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel Until 1940*, ipinaliwanag ni Resil Mojares ang ganitong pangyayari:

*“May mga simple at komplikadong naratibo. Ang pagkakaiba ng dalawang malawak na uring nabanggit ay maaaring mamenos dito: ang simpleng naratibo ay maikli, na binubuo ng isang episodyo o ng isang limitadong hanay ng mga insidente na buo na; sa kabilang banda, ang komplikadong naratibo ay binubuo ng isang malaking serye ng mga episodyo o isang buong siklo ng mga kuwento. Kailangang kilalanin na ang gayong pagkakaiba ay hindi sarado at pansamantala. Ang isang simpleng naratibo ay maaaring bahagi ng isang komplikadong naratibo; sa kabaligtaran, ang isang komplikadong naratibo ay maaaring binubuo ng isang buong serye ng mga simpleng naratibo” (9) (Sa akin ang salin).*

Wala sa haba ng salaysay ang pagbubukod sa mga ito, kundi sa takbo ng kuwento, batay sa kabuuang balangkas at tema. Kaya mahaba man o maikli—gaya ng hinihingi ng isang kuwentong pambata—maaaring mahati ang akda sa mga episodyo, gaya ng nabanggit nang mungkahing paghahati. Sabi pa ni Mojares, ang mga naratibo at uring naratibo ay nasa isang estado ng nagpapatuloy na pagbabago (*dynamic flux*) kung saan sila ay naghihiwalay, nagsasama-sama, namamatay o nagsisilang ng mga bagong elemento at anyo (11).

Mito ng paglikha ang unang yugto ng akda ni Maranan. Kuwento ito ng tuluyan nang nasirang relasyon ng mag-asawang Bathala at Bathaluman. Dahil hindi matiis ang kahambugan ng kaniyang asawa, lumayas si Bathaluman para “palipasin ang kanyang sama ng loob.” Pumailanlang siya hanggang sa makarating sa malayong sulok ng sansinukob. Doon, “lumikha siya ng sariling daigdig, na may sariling kalikasan, mga hiwaga at katuwaan.”

Gayong wala na sa eksena ang asawa, maituturing pa ring bahagi ng unang yugto ang sumunod na eksena. Sa daigdig ng Lupa—na itinumbas ni Maranan sa Planetang Earth—ay nagtayo si Bathala ng isang maliit na kubo sa tuktok ng bundok na natatakpan ng ulap. Gumawa siya ng mga haliging yari sa bakawan. Pawid ang bubong ng kubo, sawali ang mga dingding, at kawayan ang sahig. Ginawa niyang panghugpong at pantali ang mga baging na yantok. Kasunod nito, nagsagawa ng pagkakatalogo ng kaniyang mga nilikha si Bathala—isang paglalarawan ng panoramikong tanawin sa kalikasan: pagsipol ng mga himig ng hangin, pagbulong ng mga bato sa buhangin kapag inaagusan ng sapa, magkapanabay na pag-awit ng amihan at dahon, at iba pa.

Malupit si Bathala, ngunit marunong magtangi sa mga nilalang. Ang pinakakinagigiliwan niya ay ang ilog na siya mismo ang nagpangalan: Pulaw. Sa eksenang ito, ipapakilala si Pulaw. Ang kaniyang awit na nasulit sa isang saknong ay tila ba isang epigrapo ng kasunod na episodyo. Sa episodyong ito, kinausap ng ilog ang lumikha sa kaniya. Ipapaliwanag na dala ng “pamamanglaw,” nilikha ni Bathala ang unang pares ng Tao sa daigdig—sina Lalaki at Babai—gamit ang luwad at sari-saring bagay mula sa kapaligiran: sina Lalaki at Babai. Binasa ni Bathala ng sarili niyang laway ang mga nililok niyang katawan. Narito ang sumunod na nangyari batay sa kuwento:

*“Bigla siyang may naisip. Kumuha siya ng libag na nagtitibatib sa kanyang pusod, at isiniksik ito sa utak ng kanyang kahawig. Pagkatapos, binughan niya ng nag-aapoy na hininga ang dalawang nilikha, at inilubog ang mga ito sa ilog upang palamigin.”*

Mailulugar ang akda ni Maranan sa Katagalugan dahil sa pangalang Bathala. Gayunman, Sebwno ang Bathaluman. Bukod pa rito, ang paggamit ng libag ay maikakawing sa paglikha ni Melu ng sangkatuhan gamit ang kaniyang libag sa kuwento ng mga Bagobo.

Gaya ng kagustuhan ni Bathala—at marahil dahil nilikha niyang kawangis nila ng kaniyang esposa ang unang pares ng Tao—si Lalaki ang may kapangyarihan at si Babai ay naging tagasunod lamang. Gaya ni Bathaluman, hindi rin nagustuhan ni Babai ang kaniyang lugar sa relasyon.

### **Ekokritika sa *Awit ni Pulaw***

Habang matindi ang tunggalian ng lalaki at babae na ipinakita sa iminungkahing unang yugto ng akda ni Maranan, sa ikalawang yugto titining ang pagsusuri sa tunggalian sa larang ng ekolohiya. Sa ikalawang yugto rin matitiyak ang tagpuan ng kuwento.

Magsisimula ang ikalawang yugto sa dalawang batang naglalaro sa paanan ng Bundok Makulot, na gayon ang pangalan dahil “mula sa malayo, ang masinsin nitong luntiang gubat at kasukalan ay katulad ng makapal, kulot na buhok.” Ang dalawang bata ay nakatira sa nayon ng Maulap, na nakalatag sa dalisdis ng nasabing bundok.

Sa ikalawang yugto, tinalakay ang paniniwala ng ilang rehiyon na lumilindol at naliligalig ang kalikasan dahil “sabi ng matatanda, pabiling-biling [si Bathala] kapag may masamang panaginip, at umuungol.”

Mainam na gamitin ang ekokritisismo sa yugtong ito ng akda ni Maranan sa dalawang punto: una, dahil sa pagtalakay sa usaping pangkalikasan; at ikalawa, dahil sa maselang paggamit ng mga salita para dalhin ang usaping ito sa diskurso. Ayon kay Garrard, ginagawang posible ng ekokritisismo na kritikal na pag-aralan ang mga tropo (*trope*) na pinasimulan sa debateng may kaugnayan sa kapaligiran (2004, 14). Isang moral at politikal na tungkulin ng isang ekokritiko na harapin ang malawak at komplikadong mga krisis pang-ekolohiya, gamit ang mga kasangkapan sa panunuring pangkultura.

Inilangkap sa usapin tungkol sa kalikasan ang usapin ng kasarian. Isang araw, dumating sa nayon ang “isang pangkat ng kalalakihan, karamiha’y mga dayuhan.” Gaya ni Bathala at ni Lalaki, ang mga lalaking ito ay agresibo at ganid. Pansinin ang husay ni Maranan sa paglalantad ng pagkagahaman ng kalalakihan. Ipinaraan sa pag-awit ang kanilang pakay:

*“Kay laking mga puno, kay raming mga kahoy  
Sandamukal na troso, ang aking mapuputol!”*

*Sangkatutak na mina ng bakal at ginto  
Mahihiga ako nito, sa luho at tubo!*



*Kay sarap ng simoy, kay gandang tanawin  
Papakyawin ko nga't habati-hatiin!*

*Ako'y magtatayo ng mga pabrika  
Sa mababang sahod, papayag na sila!"*

Partikular at kalkulado ang mga katagang ginamit ni Maranan sa susunod na eksena. Sa isang iglap, ang malumanay na eksena sa bundok ay napalitan ng dahas na maikakabit lamang sa industriyalisasyon. Sumayaw ang kalalakihan. Nagtampisaw sila sa ilog na kanila ring nilabusaw. Nasindak ang mga isda dahil dito. Si Pulaw naman ay napangiwi at kinilabutan; saka nakaramdam “ng matinding pangamba at pagkatakot na noon lamang niya naranasan.”

Ang dating tahimik na nayon ng Maulap sa Bundok Makulot ay sinalakay ng mga kapitalista at turista. Pansinin ang paglalarawan ni Maranan:

*May nagpasok ng mga bulldoser at lagaring-makina. May nagdala ng mga gamit na pangmina sa bundok, at bakal na riles para sa mga yungib. Nagsidating ang mga tagasukat, arkitekto, inhinyero, dambuhalang sasakyang tagahakot ng lupa't bato, at mga tagabago ng hugis ng kalupaan. May ilang mayayamang namili ng lupa at ginawang plantasyon at bakasyunan ang paanan ng bundok.*

*At sa pagdaraan ng panahon, nalikha ang isang daigdig ng grasa at lansa, basura at bisyo, laswa at limahid, lungkot at linggal, sa loob at labas, sa ibabaw at ilalim, sa paligid ng Maulap, at sa buong bundok ng Makulot, hanggang makaabot ang pagbabago sa lahat ng lupain.*

Ang ganitong husay sa pagpili ng mga kataga para itulak ang atmospera ng kuwento ay maikakabit kay Charles Dickens. Sa ganitong gana, maaaring sabihin na ang paggamit ng salitang *nagtitibatib* sa unang yugto ay maaaring pahiwatig ng paparating na delubyo na dala ng kalalakihan. Ang delubyo, na tumutukoy sa malakas na buhos ng ulan na nagdadala ng malaking baha, ayon sa *UP Diksiyonaryong Filipino*, ay kasingkahulugan ng kataklismo, na tumutukoy naman sa isang marahas na aksiyong pisikal na nagdudulot ng pagbabago sa rabaw ng mundo (2009, 276, 592).

Saka naman papasok ang ikatlong yugto, na kung lalapatan ng ekokritisismo ay maiuugnay sa apokaliptisismong pangkapaligiran (*environmental apocalypticism*). Babala ni Carson, isa na mga nagpasimula ng nasabing kaisipan, ang pinakanakakaalarma sa lahat ng pag-atake ng tao sa kapaligiran ay ang kontaminasyon ng hangin, lupa, ilog, at dagat dala ng mga mapanganib at nakamamatay na sangkap (2002, 6).

Hindi na mababawi pa ang dating kondisyon ng kalikasan at ng mga bagay na may buhay matapos sirain ang mga ito ng sari-saring polusyon, ng magkakakawing na kasamaang pinasimulan ng tao. Ayon pa kay Carson,

*“Sa unibersal na kontaminasyon ng kapaligiran sa kasalukuyan, ang mga kemikal ay mapagbanta at di-gaanong kinikilalang kasosyo ng hunab (radiation) sa pagbabago ng mismong katutubong katangian ng mundo—ang mismong katutubong katangian ng buhay nito” (Ibid.) (Sa akin ang salin).*

Pinalawig pa ni Paul Ehrlich ang apokaliptisismong pangkapaligiran sa pagsasabing napakasagwâ ng mundo dahil sa labis nitong populasyon (*overpopulation*) at sa pagbisita ng mga salot, taggutom, at sakit (sinipi sa F. Buell 2010, 14).

Samantala, nagpatuloy ang pagsasalarawan ni Maranan sa pagkawasak ng kalikasan na dala ng mga tao. Nagsilikas ang mga ibon mula sa kagubatan ng Makulot at lumipad sa kung saan-saang lupalop. Naghanap sila ng “ibang gubat na mapupugaran, kung may natitira pa,” na hindi pa nasisira ng mga panginoong naglipana sa daigdig. Walang magawa ang mga ibon sa paghakot ng mga dambuhalang sasakyan sa “patong-patong na mga troso ng malalaking mulawin, nara, lawaan, kamagong, at iba pang mahuhusay at matitibay na matandang kahoy.” Binutas ang mga bundok ng mga makinang umaani ng mineral at mamahaling bato. Dahil sa pagtatayo ng mga pabrika at minahan, bumulwak ang umaasang kemikal sa mga ilog, bukal, at sapa. Habang ang mga taganayon ng Maulap naman ay napahimutok na lamang: “Namamatay ang ating mga halaman, nalalason ang ating mga isda!” Sa gitna nito, aawit na muli si Pulaw:

*Dugo ko’y mapait, may dagta ng lason  
Pinuksa ng salot ang bukal at bálong.  
Tubig na dati’y pambuhay at pang-inom  
Ngayon ay kamandag na bubuhos sa talon!*

Kung makapagsusulat lamang ng kasaysayan ng daigdig ang mga kagubatan, malamang na wala silang sasabihing maganda tungkol sa mga tao. Maliban sa mga katutubong naninirahan sa kagubatan, ang mga nilalang na “sibilisado” ay may ugaling sakupin at pangibabawan ang mga hindi nila gamay, gaya ng kalikasan (Broad at Cavanagh 1993, 8). Gayunman, may pangako ang sitwasyong ito:

*“Pumapasok tayo sa isang bayang sirâ na ang kapaligiran, isang bayang ang buhay ng mga magsasaka, mangingisda, at iba pa ay binago nang husto ng mabilisang pagkawasak (devastation) ng mga kapaligirang milenyo na ang tandâ. At ang pagkawasak na ito ang nagbubuklod sa mga biktima para kumilos at ipagtanggol ang kalikasan, at, sa huli, para ipagtanggol ang kinabukasan ng kanilang mga anak” (Ibid.) (Sa akin ang salin).*

Noong unang bahagi ng 2016, pinuna ng research group na IBON ang Joint Foreign Chambers of Commerce in the Philippines (JFC) para sa paglalatag nito ng agenda para sa pagkasira ng kapaligiran at pandarambong para sa susunod na administrasyon. Paliwanag pa nito:

*“Sa pagmimina, nagmungkahi ang JFC ng “mga agresibong hakbang” sa susunod na administrasyon, kasama ang pag-amyenda sa Mining Act sa kalagitnaan ng 2017 para ganap na mapagsilbihan ang mga interes ng malakihang pagmimina. Kabilang sa mga pangunahing probisyon ang 100% dayuhang pagmamay-ari ng malalaking minahan at paggarantiya sa mga kontrata sa loob ng 50 taon nang walang pagbabago maliban kung napagkasunduan ng bawat kampo. Sinabi ng IBON na ang Mining Act, sa kabila ng pagtutulak dito bilang blueprint para sa responsableng pagmimina, ay nagresulta sa hindi bababa sa 20 sakuna sa pagmimina na nakakaapekto sa mga ilog, kagubatan, sakahan, karagatan at kabuhayan ng mga tao mula nang ito ay isabatas” (Sa akin ang salin).*

Sa halip na tutukan ang agrikultura, inirekomenda ng JFC na unahin ang tinatawag na *high value crops*, gaya ng palm oil at rubber, at tanggalin din ang limitasyon sa pag-aari ng lupa para sa mga kapitalista. Lalo lamang wawasakin ng pagpapalawak ng mga plantasyong pinamamahalaan ng korporasyon ang saribuhay (*biodiversity*) at kagubatan. Kilala ang mga plantasyong nabanggit sa paggamit ng mga mapaminsalang pestisidyo at iba pang kimikal na nagdudulot ng polusyon sa lupa, tubig, at hangin.

Iniulat ni Bisenio (2024) na, sa ilalim naman ng Philippine Development Plan (PDP) 2023-2028 ng kasalukuyang administrasyon, nakatakda ang kontrol ng mga kontrata ng mga minahan sa bansa, sa kabila ng pagkawak ng mga kagubatan dahil sa deka-dekadang pagmimina ng ginto, nikel, tanso, at iba pang mineral para sa eksportasyon. Umabot sa 70% ang degradasyon ng mga kagubatan, bukod sa kabi-kabilang kumbersiyon ng lupa para sa kita. Pinapatay ng mahigit 4,000 ektaryang reclamation project ang mga bakawan, na nagiging dahilan ng pag-unti ng lamang dagat at huli ng mga mangingisda.

Para kay L. Buell, apokalipsis ang tanging pinakamakapangyarihang pangunahing talinghagang magagamit ng imahinasyong pangkalikasan (1995, 285). Sa *Awit ni Pulaw*, bagama’t isang alegorya, malinaw ang kahahantungan ng mga sumisira sa kalikasan. Kambal na lagim ang dumating—“isang malaganap na bagyo at isang lindol na yumanig sa buong daigdig”—bilang sagot ni Bathala, na nakikiramdam lamang pala sa ilalim ng Lupa, gaya ng paniniwala nina Panganay at Bunso.

Layunin ni Bathala ang depopulasyon ng lahat ng kaniyang mga lalang. Nalipol ang sangkatauhan at nadamay maging ang mga inosente. Ngunit sa pagdaan ng panahon, ang

nawasak namang kalikasan ay muling nilikha ni Bathala. Sa sandaling muli niyang lilikhain ang mga tao, bigla siyang nagdalawang-isip. Naalala niya ang kaniyang esposa.

Kung kasama ang Sangkatauhan sa “bagong panimula,” hindi iyon binanggit sa dulo ng kuwento. Gayunman, gumigitaw ang pag-asa mula rito. Sa isang tula ni Robinson Jeffers, binanggit niyang tiyak na sisibol muli ang buhay sa Lupa (1965, 73).

## **Panitikang Post-Martial Law at Climate Change**

Ani Tolentino (2008), may dalawang konsiderasyon sa kasaysayan ng panitikang pambata: ang mga puwersang politikal at kultural na institusyong nagluwal at nagpalaki nito; at ang laman ng akda. Sa tatlong pangunahing tampok sa laman ng mga akda, pasok ang *Awit ni Pulaw* sa una—ang henerosong panghihiram sa naunang tradisyon, tulad ng katutubong kuwento at kontemporaneong alamat (4). Nagaganap din ang subersiyon sa danas ng bata sa kuwentong pambata, sa kabila ng direktang kamay ng estado. Paliwanag pa ni Tolentino, ang bata ay “mag-aasta na kaiba sa dikta ng naunang kolonyalismo at ang kagyat na nakalipas na postkolonyal na diktadurang estado ng mga Marcos” (5).

Matapos ang diktadura, kailangang maipaunawa sa mga bata kung sino-sino ang mga biktima ng samot-saring karahasang dala ng rehimen. Sa *Awit ni Pulaw*, biktima ang mga bata—hindi humihinto sa pagtangis sina Panganay at Bunso, dahil naglaho ang kanilang mga kaibigang ibon at “hindi na sila makalangoy at makapagpaaraw sa ilog na ngayon ay patay na, may kamandag at may amoy.” Maaaring suriin ang mga nagwagi sa PBBY Salanga Prize mula 1984 hanggang 1986. Walang nagwagi ng Grand Prize noong 1987. Ang *Awit ni Pulaw*, na nagwagi noong 1989, ay bahagi na panahong maaaring tawaging panitikang post-Martial Law, sa partikular sa panitikang pambata. Una, nalikha ito sa panahon matapos mapatalsik ang diktadurang Marcos. Ikalawa, itinutulak ng *Awit ni Pulaw* ang mga usaping panlipunang hindi karaniwang tinatalakay sa panitikang pambata.

Obserbasyon ni Torres-Yu sa mga kuwento ng mga batang sumali sa timpalak, na nagluwal ng mga koleksiyong *May Kuwento Po Ako* (2006) at *Kuwentong Kalikasan, Katha ng Kabataan* (1999-2003), mapapansin ang mga sumusunod na tema:

May kuwento ang mga bata tungkol sa pagkakaibigan, domestikong karahasan laban sa bata, pagpapabaya sa bata, pag-abandona ng ina, pananakit ng kapwa bata, paglalabanan, batang katutubo at suliranin sa edukasyon, batang kabilang sa maralitang tagalungsod at problema sa kawalan ng pagkakataong makapag-aral, pagsali ng bata sa “people power revolution,” kamatayan at katarungang panlipunan, at mga isyung kaugnay ng kalikasan (141).

Pinapatunayan ng mga tema sa itaas, sa mga kuwentong pambatang isinulat mismo ng mga bata mula 1999, ang sinabi ni Treichel na hindi mga pasibong biktima ang mga bata: mayroon silang ahensiya, kaalaman, at kapasidad (2020, 27).

Mainam na kontribusyon din ang *Awit ni Pulaw* sa panitikang pambata tungkol sa *climate change* na epekto rin ng pagwasak ng tao sa kalikasan. Namumuhay ang mga bata at kabataan sa isang panahong mabuway at mapanganib, at ang mga epekto ng pandaigdigang *climate change* ay nagsimula nang tumagos at lumaganap sa kani-kanilang pang-araw-araw na buhay at mga komunidad (Rousell at Cutter-Mackenzie-Knowles 2020, 1). Ayon pa kina Saguisag at Pricket, sa konteksto ng panitikang pambata, makabuluhang usapin sa ating panahon ang *climate change*; at ang pakikibaka para mapanahanan pa (*habitable*) ang ating planeta ay kinakailangang nakaangkla sa mga kilusan para sa katarungang panlahi, pang-ekonomiya, at panlipunan (2016, v-vi).

## Kongklusyon

Sa likod ng mga natamong gantimpala at iba pang pagkilala sa kuwentong pambata ni Maranan, sa loob ng halos tatlong dekada, mahalagang usisain kung bakit at paano nagkaroon ng katuturan at naging makabuluhan sa konteksto ng lipunang Filipino ang kaniyang *Awit ni Pulaw*. Malinaw at seryoso ang paglalarawan ni Maranan sa usaping pangkalikasan. Malinaw na hindi niya minamaliit ang kakayahan ng mga bata at ng kabataan dahil hindi niya pinalabnaw ang politika ng pagsalungat sa pagwasak sa kalikasan sa isinulat niyang kuwentong pambata. Ang kaniyang muling pagsasalaysay ay nilangkapan ng mga bagong kuwento na mababasa sa mga diyaryong hindi kontrolado ng mga kapitalista at ng administrasyon. Sa awit ni Pulaw, makikita pa ang paggamit ni Maranan ng chiasmus: wasak | wakas: ang epekto ng pagwasak sa kalikasan ay katapusan ng sangkatauhan. Sa kabila nito, muling mabubuo ang mundo. Gayunman, ang pag-asang ito sa pagsibol ay hindi tiyak na para din sa taong dahilan ng pagkawasak ng mundo.

Bilang kuwentong pambatang nagwagi sa timpalak at nalathala matapos ang People Power Revolution noong 1986, maipapakilala ang *Awit ni Pulaw* bilang bahagi ng panitikang post-Martial Law, sa partikular ng panitikang pambata. Kayâ naman mairerekomenda sa mga susunod na mananaliksik na pag-aralan ang lahat ng kuwentong pambata mula nang ideklara ng diktador na si Marcos ang Batas Militar hanggang sa pagkatapos ng 1986, at suriin ang mga pagbabagong naganap sa panitikang pambata, mula sa mga temang ginamit hanggang sa paraan ng pagpapaunawa sa mga batang mababasa sa mga terminong hindi nila ginagamit sa araw-araw, maliban sa mga nakukuha nila sa mga balita. Bukod dito, at dahil nabanggit nang ang usaping pangkasarian ay naisapin din nang mabuti sa usaping pangkalikasan, iminumungkahi pang basahin ang *Awit ni Pulaw* gamit ang lapit ng peministang ekokritisismo.

Panghuli, nabanggit ni de Vera (2012) na si Maranan ay isang manunulat na hindi humihinto sa pagsusulat. Nagbago na ang kontekstong ito noong 8 Mayo 2018, nang mamaalam si Maranan sa mundo. Kayâ isang hamon sa sinumang alagad ng panitikan na buhayng muli ang kaniyang mga akda sa anumang anyo, kasama na at lalo na ang *Awit ni Pulaw* na daghan ang dimensiyon.

### Talasanggunian

“Edgar B. Maranan: Writer.” *Agung XXI*, blg. 2 (Abril-Hunyo 2018): 68.

“UP restages pioneering children’s work ‘Awit ni Pulau.’” *Philippine Daily Inquirer*, Hulyo 2, 2016. <http://lifestyle.inquirer.net/232023/up-restages-pioneering-childrens-work-awit-ni-pulau/>.

Almario, Virgilio S. “Wanted: Editor.” Sa *Panitikang Pambata sa Filipinas: Mga Gunita, Talâ, Punat Pansin sa Kasaysayan*, 176–79. Anvil Publishing, Inc., 2017.

Almario, Virgilio S., ed. *UP Diksiyonaryong Filipino: Binagong Edisyon*. Ika-2 edisyon. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2009.

Bascom, William. “The Forms of Folklore: Prose Narratives.” *The Journal of American Folklore* 78, blg. 307 (Enero-Marso 1965): 3–20.

Bisenio, Xandra Liza C. “Camouflaging climate inaction.” *IBON*, Hunyo 9, 2023. In-access noong Enero 31, 2024. <https://www.ibon.org/camouflaging-climate-inaction/>.

Broad, Robin, at John Cavanagh. *Plundering Paradise: The Struggle for the Environment in the Philippines*. Berkeley: University of California Press, 1993.

Buell, Frederick. “A Short History of Environmental Apocalypse.” Sa *Future Ethics: Climate Change and Apocalyptic Imagination*, in-edit ni Stefan Skrimshire, 13–36. London, UK: Bloomsbury Publishing, 2010.

Buell, Lawrence. *The Environmental Imagination: Thoreau, Nature Writing, and the Formation of American Culture*. Cambridge, MA: Belknap Press ng Harvard University Press, 1995.

Carson, Rachel. *Silent Spring: Fourtieth Anniversary Edition*. Mariner Books, 2002.

- Chan, Joshua Ceasar, Victoria Atilano Domingo, at Roselle Pineda. "Awit ni Pulau." Facebook, Hulyo 15, 2016. <https://www.facebook.com/events/1700758796865351/>.
- Cimatu, Frank. "Edgar Maranan, poet and activist, dies." *Rappler*, Mayo 8, 2018. <https://www.rappler.com/life-and-style/arts-culture/202010-poet-activist-edgar-maranan-death/>.
- de Noceda, Juan José, at Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la lengua Tagala*. Isinalin nina Virgilio S. Almario, Elvin R. Ebreo, at Anna Maria M. Yglopaz. Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.
- De Vera, Ruel S. "The man who can't stop writing." *Philippine Daily Inquirer*, Marso 3, 2012. <https://lifestyle.inquirer.net/37385/the-man-who-cant-stop-writing/>.
- Eagleton, Terry. *Literary Theory: An Introduction*, 2nd ed. Oxford: Blackwell Publishing, 1996.
- Edgardo Maranan Legacy Site. "The Pomeroy Collection." In-access noong Enero 29, 2024. <https://edmaranan.tumblr.com/post/184684471600/the-pomeroy-collection>.
- Evasco, Eugene Y. "Sitwasyon ng Panitikang Pambata sa Pilipinas (2010-2012)." *panitikan.ph: Philippine Literature Portal*, Mayo 28, 2013. In-access noong Disyembre 15, 2016. <https://panitikan.ph/2013/05/28/sitwasyon-ng-panitikang-pambata-sa-pilipinas-2010-2012-ni-eugene-y-evasco/>.
- Garrard, Greg. *Ecocriticism: New Critical Idiom*. London: Routledge, 2004.
- IBON Foundation. "Green Producerism: On Earth Day: IBON scores foreign chambers on anti-envi agenda for new admin." *IBON*, Abril 24, 2016. In-access noong Enero 22, 2024. <https://www.ibon.org/on-earth-day-ibon-scores-foreign-chambers-on-anti-envi-agenda-for-new-admin-2/>.
- Jeffers, Robinson. *Robinson Jeffers: Selected Poems*. New York: Vintage Books, 1965.
- Maranan, E. B. *Ang Awit ni Pulaw*. Makati: The Bookmark, Inc., 1994.
- Mojares, Resil. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel Until 1940*. University of the Philippines Press, 1983.
- Rousell, David, at Amy Cutter-Mackenzie-Knowles. "A Systematic Review of Climate Change Education: Giving Children and Young People a 'Voice' and a 'Hand' in Redressing Climate Change." *Children's Geographies* 18, blg. 2 (2020): 191–208.



- Saguisag, Lara, at Matthew B. Prickett. "Introduction: Children's Rights and Children's Literature." *The Lion and the Unicorn* 40, blg. 2 (2016): v–xii.
- Tiamson-Rubin, Ligaya, at Eugene Y. Evasco. *Ang Sining ng Tula at Maikling Kuwentong Pambata*. Rex Book Store, Inc., 2001.
- Tolentino, Rolando B. "Ang Pinag-aagawang Bata sa Panitikang Pambata: Folklore, Media at Diskurso ng Bata." *Malay* 21, blg. 1 (2008): 1–2.
- Torres-Yu, Rosario. *Balagen: Edukasyong Pangkapayapaan at Panitikang Pambata*. University of the Philippines Press, 2011.
- Treichel, Pia. "Why Focus on Children: A Literature Review of Child-Centred Climate Change Adaptation Approaches." *Australian Journal of Emergency Management* 35, blg. 2 (2020): 26–33.
- Tujan, Antonio A., at Rosario Bella-Guzman. *Globalizing Philippine Mining*. IBON Foundation, Databank and Research Center, 1998.
- van den Top, Gerhard. *The Social Dynamics of Deforestation in the Philippines: Actions, Options and Motivations*. Copenhagen: NIAS Press, 2003.
- Villanueva, Rene O. "Saan Nagpupunta ang Araw Kung Gabi? Pagsulat ng Kuwentong Pambata." U.P. Institute of Creative Writing, Pebrero 9, 2006.

# Metaphorical Structures of Love: A Reading of Select Love Poems from Victor Sugbo's *Inintokan*

by Jessa Amarille

## Abstract

Following Bagulaya's claim about Sugbo's poetry being heavily influenced by New Criticism, a claim reinforced by Alunan's statement in *Tinalunay* about the output of the UP Tacloban creative writing workshops as patterned after Anglo-American literature, this paper will analyze select poems from *Inintokan* that perhaps capture the New Critic sensibilities, particularly the poems that deal with the theme of love—including the sub-themes attraction, courtship, and genuine love. An analysis of Sugbo's poetry is hoped to add some insight into Waray poetics, particularly the poetics of modern or contemporary Waray poetry. Sugbo arguably aptly represents the contemporary Waray poets, having published a number of poetry collections in the past two decades: *Inintokan* (2008), *Taburos Han Dagat* (2014), *Poems from Ground Z* (2021), and *Gimata* (2022). To analyze the poems "Kun San-o Matataktak Inin Adlaw (When the Sun Will Drop Out of the Sky)," "Gugma (Love)," "Banabana (Approximations)," "Anicia," and "Paghupos han Rosal (To Keep a Gardenia)," I use the concepts of "metaphor," "metaphorical structuring," "internal limits" and "external limits" that Edith Tiempo discusses in her monograph *Six Poetry Formats and the Transforming Image: A Monograph on Free Verse* (2007). My paper discusses how Sugbo's work qualify as poetry under Tiempo's framework. It studies how themes on love are captured and conveyed through "metaphorical structures."

**Keywords:** Victor Sugbo, Waray literature, Waray poetry, love poems, metaphorical structures

How does one read Waray poetry? Against which literary standards does a critic evaluate a *siday*? Against whose sensibilities? In his essay “Poetry Without Tears: An Introduction to the Folk Poetry of Leyte and Samar,” David Genotiva writes:

*“...They would caution a critic, saying, that in studying poems in the vernacular, one must not use “Western” standards of criticism. This is a valid point. Criticism—in music, painting, or literature—would find it useful to trace the historical milieu to which a work belongs, since indeed no artist creates in a vacuum. However, there are critical verities which a thoughtful critic must adhere to, or else, criticism itself will succumb to sheer impressionism. Since poetry often transcends time and geographical location, the critical reader must learn to recognize distinct qualities identifiable in poetry—Eastern or Western—to distinguish a good or a bad poem.”<sup>1</sup>*

Genotiva might be referring to the study of Waray folk poetry, but the study of Waray poetry, from the Sanghiran period to the present, may share the same dilemma. Reviving and sustaining Waray (and Eastern Visayas) literature necessitate not only retrieval and documentation of historical, cultural, and literary materials but, at the same time, the weaving of a critical or theoretical framework that can genuinely and sufficiently unravel and understand the aesthetics and virtues of Waray literature.

The “pervasive[ness]” of the “mitotic quality”<sup>2</sup> the *siday* being written and published, but mostly aired by the AM station DYVL Aksyon Radyo, discouraged the writer and professor Victor N. Sugbo to publish his work: “...Victor N. Sugbo, trying to put together a new anthology of Waray writing in 1994, found his materials in forgotten chests, boxes, drawers, and *aparadores*, handwritten in crumbly notebooks that somehow escaped the tender mercies of termites, ants, and mice. Or he wrangled them from the mouths of half-drunk men and women with their faltering memories, for the Waray, in their cups tend to become sentimental and apt to express themselves in song or in verse...”<sup>3</sup>

Sugbo’s poetry saw the light of day when UP Tacloban started organizing creative writing workshops in the 1980s. Four faculty members of the college—William Remollo, David Genotiva, Merlie Alunan, and Victor Sugbo himself—ran these workshops that provided a platform for “poets from the grassroots.” At first, the poets, who were “[s]teeped in the poorly understood stylistics of the Sanghiran,” did not understand and accept the principles introduced by the workshop. It was the younger ones who “readily accepted the seemingly freer, looser style of contemporary versification borrowed from Anglo-American models.”<sup>4</sup> These models, after all, were not new to them anymore as their primary, secondary, and tertiary education are reliant on them with regard to teaching language and literature.

The creative writing workshops, one may claim, birthed collections of poetry written in Waray including Voltaire Oyzon's *An Maupay ha mga Waray ngan Iba nga mga Siday* (2008), Victor Sugbo's *Inintokan* (2008), Phil Harold Mercurio's *Ayaw Pagpudda an Tuog ug Iba pa nga mga Siday* (2010), Neil Lopido's *Ha Salog ug Iba nga mga Siday* (2010), and Janis Claire Salvacion's *Siso Sakradang ug Iba nga mga Siday ha Taguangkan* (2010).<sup>5</sup> Alunan describes these collections of poetry as exhibiting the "new poetics" of Waray literature.

Kung susuriin naman ang mga teksto, nakasulat sa dilaw ang mga salitang “TULOY PA RIN ANG LABAN” dahil sa ito ang naging moto ng partidong Aquino laban sa mga Marcos. Ang mga salitang “PAALAM SA INYO” ay isinulat sa kulay asul na nangangahulugan ng pagbubuklod-buklod. Masasabing nahati ang mga Pilipino nang mapalayas ang mga Marcos dahil sa malaki ang bilang ng kanilang mga tagasunod gayundin ang bilang ng mga Pilipinong nag-aklas laban sa nasabing administrasyon. Ang mga salitang “REPORMA SA BAYAN” ay nakapinta naman ng kulay pula. Ang kulay pula ay nangangahulugan ng katatagan (Ancheta 52) at ito ang pinakita ng mga Pilipino nang sila ay tumindig laban sa diktaturyang Marcos.

Sa kabilang banda, mangyaring hindi makikita sa muralyang ito ang ilan sa mga karanasan at mahahalagang pangyayari sa panahong Aquino kagaya ng pagkakatag ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) gayundin ang pagkakabuo ng Autonomous Region of Muslim Mindanao (na ngayon ay Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao) sa hangaring mapag-aayos ang tunggaliang Moro. Isa rin sa hindi makikita sa muralyang ito ay ang nangyaring Mendiola Massacre noong taong 1987.

*Tungkol sa Pintor:* Dekoradong manlilikhang sining ang pintor na si Angel Cacnio. Ilan sa mga pinakakilalang likha ni Cacnio ay ang disenyo ng 25 at 50 centavos noong 1980s gayundin ang disenyo para sa baryang 1-centavo na may disenyo ni Lapu-lapu at baryang 5-centavo na may disenyo ni Tandang Sora (Rappler tal. 9). Kilala rin si Cacnio sa kanyang mga likhang nagtatampok ng kultura ng mga Pilipino lalo higit ng identidad (Tomada tal. 4).

### **“Philippines 2000” at ang Panahon ni Erap Para sa “Mahirap”**



*“Ramos/Estrada Administration” ni Michael Velasco*

Sa pintang ito mapapansin ang malaking imahe nina dating Pangulong Fidel V. Ramos at dating Pangulong Joseph “Erap” Estrada na nagsimula matapos ang unang Administrasyong Aquino. Ipinakita sa muralyang ito ang dalawang panig ng administrasyon ng dalawang dating pangulo. Sa kaliwang bahagi, makikita ang takbo ng pamamahala ni Ramos habang sa kanang bahagi ang kay Estrada.

Kapansin-pansin sa gitnang larawan ang isang pampubliko at natatanging sasakyan ng mga Pilipino - ang pampasaherong Jeepney. Sa pag-aaral ni Vinzons (2015), ang jeepney ay simbolismo ng pagka-Pilipino gayundin salamin ng bansa. Ang popularidad ng jeepney ay nakaugat sa kahirapan ng buhay sapagkat ipinapakita nito ang kalagayan ng drayber lalo higit ng mga pasaherong sumasakay rito. Ang paggamit ng jeepney ng mahihirap ay ginamit na

pamamaraan sa pangangampanya ni Erap dahil batid niyang mas makukuha nito ang simpatya ng masang Pilipino. Sa katunayan, ginamit niya ang konsepto ng jeep sa kanyang islogang “JEEP ni Erap” na ang ibig sabihin ay (Justice, Economy, Environment, and Peace; Joseph Ejercito Estrada for President). Ito ang tinatawag na pangmasang pormulang naging dahilan ng kanyang pagkapanalo noong 1998. Bukod rito, ang paglalagay kina Ramos at Estrada sa upuan ng drayber ay pagpapakitang sila ang maghahatid sa masang Pilipino ng hinahangad na kaunlaran.

Sa kabuuan, makikita ang pagtataguyod ng administrasyong Ramos ng mga programang makakatulong sa hangaring maging isang industriyalisadong at maunlad na bansa ang Filipinas. Sa muralyang ito, waring may nakapulupot na telang may tatlong kulay: bughaw, dilaw, at pula - mga kulay ng watawat ng bansa. Kung bibigyan ng konotasyong pagpapakahulugan, naging sentro ng dalawang opisyal, lalo higit ni Ramos, ang pagpapaunlad at pagpapahalaga sa Pilipinas. Mababatid ito sa mga ilang icon na nakapaloob sa pinta na naging simbolismo ng mga programa at repormang kanyang inilunsad. Nangunguna na rito ang nakapinta sa kaliwang bahagi “Philippines 2000” o “Pilipinas 2000” na isa sa mga naging tanyag na programa ng dating pangulo. Ang Pilipinas 2000 ay isang hakbangin tungo sa pagiging industriyalisado ng bansa sa taong 2000. Nilalayan nitong paunlarin ang ekonomiya kasabay ng pagpapabuti ng pamumuhay ng mga Pilipino. Patunay sa isang bahagi sa muralya ang pagusbong ng isang pampublikong sasakyan ng mga Pilipino - ang Philippine National Railways o PNR. Ang pagkakaroon nito ay tanda na ang isang bansa ay industriyalisado at dumadako na sa kaunlaran. Sa katunayan, ang Filipinas ang kauna-unahang bansang nagkaroon ng railroad system sa Timog-Silangang Asya.

Bukod pa rito, makikita ang “signal tower” na may denotatibong kahulugan ukol sa pagkakaroon ng epektibong pakikipagkomunikasyon. Ang pagkakaroon ng komunikasyon ay pagiging bukas sa pagitan ng dalawang tao kung saan maipapakita rin nito ang pagiging bukas ng mismong gobyerno sa mamumuhunan at madagdagan ang serbisyong pampubliko ng gobyerno. Dahil sa panahon ding ito inilunsad ang sistemang Build-Operate-Transfer o BOT Scheme. Bukod pa rito, naipakita rin sa obra ni Velasco, ang pagtatanim ng isang magsasaka at kamay na may na halaman na parehong may kinalaman sa agrikultura na isa sa mga pinalakas na sektor sa pamamahala ni Ramos. Isa sa mga programang pang-agrikultura niya ang pagtulong sa mga magsasaka na palaguin ang produksyon ng bigas at mais. Pagpapatunay itong balanse ang naging panunungkulan ni Ramos dahil hindi nito napapabayaang ang agrikultura sa kabila ng paghahangad na maging industriyalisadong bansa.

Kung titignan muli ang kamay na may hawak na halaman ay makikitang ang halaman ay munti pa lamang o bagong sibol, tanda ito ng bagong pagsisimula na maiugnay sa Pilipinas na umusbong palang sa panahong ito. Sa mga pagbabagong dala ni Ramos, hindi kataka-takang



ang Pilipinas ay nabansagang “Tiger Cub Economy in Asia.” Ang bansag na ito ay ibinibigay sa mga bansang nagkaroon ng mataas na paglago sa ekonomiya at inaasahang makakabilang sa mga bansang “Asian Tigers.” Kasamahan ng Filipinas ang mga bansang Indonesia, Malaysia, Vietnam at Thailand sa pagiging Tiger Cub habang ang mga itinuturing na Asian Tigers na bansa naman ay ang Hongkong, South Korea, Singapore, at Thailand (Chen 2022).

Naipakita rin sa muralya ang pagiging aktibo ng Administrasyong Ramos sa usaping pangkapayapaan sa pamamagitan ng imahe niya na nakikipagkamay sa lider ng Moro National Liberation Front (MNLF) na si Nur Misuari. Dagdag pa rito, ang imahen ni Jiang Zemin mula sa Tsina na kinakamayan rin ni Ramos kung saan ipinapakita nito ang pag-iwas sa kaguluhan at pananatili sa mabuting ugnayan. Masasabing sa mga imaheng ito, ang pakikipagkamay ay tanda ng pakikipagsundo. Sa naging tugon ni Ramos sa mga usaping pangkapayapaan, nagkaroon siya ng rekonisyon at pinarangalan ng Peace Award ng UNESCO noong 1997.

Litaw rin sa gitna ng muralya na may nakasabit na isang banner na may nakalagay na “100 Kalayaan” na inilagay sa porma na parang isang finish line. Matatandaang ang taong 1998 ay ang ika-100 taong anibersaryo nang makamit ng Filipinas ang kalayaan mula sa mga Kastila. Bukod pa sa kontekstong ito, ang iba pang pagbasa sa elementong ito ay ang administrasyon ni Ramos ang panahon kung saan tunay na nakamit ang kalayaan sapagkat noong panahon ng dating Pangulo Cory Aquino ay mahina ang pundasyon ng kalayaan kahit pa sabihing sa kanyang panahon nakamit ang demokrasya mula sa diktaturyang Marcos.

Hindi lamang mga programa at reporma ang ibinahagi ni Velasco sa kanyang muralya sapagkat makikita rin sa mismong pinta ang relihiyon ni Ramos sa pamamagitan ng krus na nasa ibabaw. Matatandaang protestante si Ramos at siya ang naging kauna-unahang pangulo na di-katoliko. Binuksan din ni Velasco ang ilan sa mga naging malaking isyu sa administrasyong Ramos sa paglalagay ng Amphitheater ng Philippine Centennial International Exposition sapagkat ang proyektong ito ay may kakabit na malalang korapsyon. Dagdag pa rito, ginamit rin ni Ramos ang proyektong ito para sa pagpapalakas ng kanyang partidong Lakas para sa eleksiyon kaya inakusahan sila ng ilegal na pangangampanya. Sa kabila ng isyung ito, mas naipakita pa rin ng kabuuan ang positibong ambag ng Administrasyong Ramos: kasipagan, kapayapaan, kalayaan, at pagkamakabayan na susi sa kaunlaran.

Sa kanang bahagi ng muralya ay ipinakita naman ang bentahe ng Administrasyong Estrada. Kung ikukumpara sa kaliwang bahagi, masasabing kakaunti ang nailagay na detalye sa Administrasyong Erap sapagkat halos tatlong taon lamang ang kanyang naging termino dahil sa kanyang pagkakaalis bilang pangulo. Buhat sa mga ganitong kontrobersya na kinaharap ni Erap, mas ipinakita pa rin ng muralya ang mga naging programa at reporma ng kanyang administrasyon sa bansa. Naging tahimik ang muralya sa nangyaring mga problema ng

administrasyon tulad ng dumadaming kaso ng mga rebelde sa Mindanao lalo higit sa korupsiyon sa jueteng. Hindi rin nakita sa muralya ang Ikalawang Edsa Revolution na nagbunga ng pagpapataliks sa kanya bilang pangulo.

Mas ipinakita sa muralya ang sektor ng kahirapan sa lipunan. Ito ay tanda ng kanyang programang “Erap para sa mahirap” na tumutok sa pangangailangan ng mga marhinalisado tulad ng edukasyon, trabaho, kalusugan, pabahay. Bukod pa rito, ipinakita rin ang ilang mga proyekto ni Estrada tulad ng MRT (L3) noong 1999 sa pamamagitan ng imahen ng tren. Tulad din ni Ramos, naglunsad rin siya ng mga programang pang-agrikultura na tumutok sa pangkabuhayan ng mga magsasaka. Kapansin-pansin naman ang paggamit ng mga bata bilang mga taong tinugunan ng mga tulong sapagkat matindi ang pananalig ng rehimeng Estrada na malaki ang potensyal ng mga kabataan - na sila ang magdadala ng kaunlaran sa bansa. Ang kanyang islogang Erap para sa mahirap ang kanyang ginamit sa kanyang pangangampanya na naging susi ng kaniyang pagkapanalo. Kung susuriin ang islogang ito, ipinapakita nitong kabahagi siya ng mga mahihirap at masang Filipino sa paglaban sa mga elitistang patuloy na naghahari sa politika lalo higit sa lipunan.

Bagaman hindi ipinakita sa muralya ang mga naging problema ng administrasyon ni Erap, nagbigay pahiwatig pa rin ito batay sa ekspresyon ng mga mukha ng dalawang dating pangulo. Kung makikita ang mukha ni Ramos, ito ay nakangiti na para bang mababatid ang tagumpay ng administrasyon habang seryoso ang ginawang emosyon ni Estrada bilang tanda ng malalaking kahaharaping kontrobersya at suliranin.

Sa mga obrang nabuo ni Velasco, ito ang isa sa mga natatangi sapagkat kadalasan ang kanyang obra ay palaging pumapaksa sa kababaihan. Gayundin, inamin ng mismong pintor sa proseso ng kanyang pagbuo na hindi siya malay sa naging kontribusyon ng dalawang presidente kaya kinailangan niyang mapagbuti ang pananaliksik. Sa proseso ng kanyang pagbuo, nahirapan siya sa pananaliksik ng mga detayle at ang mismong paglalapat nito sa muralya (Defeo 124). Sa kabuuan ng obra, may mga ilang kontrobersya mang makikita sa nilalaman ng pinta, mas nanaig pa rin kay Velasco na ipakita ang positibong bahagi ng administrasyon ng dalawang pangulo sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga programa at reporma ng dalawang pangulo.

*Tungkol sa Pintor:* Si Michael Myk Velasco (June 17 1980) ay isang muralist at portrait artist. Siya ay nagtapos sa Pamantasang ng Pilipinas Diliman sa kursong Batsilyer sa Fine Arts noong 2003. Bahagi rin siya ng mga organisasyong University of the Philippines Centennial Group at Filipino Portrait Artist Guild. Sa kanyang kasalukuyang karera, nagkaroon na siya ng anim na solong painting exhibitions at mahigit sa dalawampung group exhibition sa loob at labas ng bansa. Ang kanyang paghanga sa pigura ng babae ay nagtulak sa kanya para mabuo ang obrang gold leaf series mga imahen ng katawan ng babae sa iba’t ibang konteksto na napapalamutian ng gold at silver leaf (Blanza, 150).

## Siyam na Taong Panunungkulan ni Arroyo at ang Pagbabalik ng Aquino sa Malacañang



*“Democracy Continues” ni Grandier Gil C. Bella*

Sa pintang ito makikita ang tatlong mukha ng mga dating pangulo kung saan nagbigay si Gil Bella – ang pintor ng muralya – ng mga pangyayari sa bawat termino. Mula sa pagkakalagay ng imahen ng Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na nanunumpa, mababatid na ang demokrasya ay muling nabuhay dahil sa matagumpay na pagpapatalsik sa posisyon ni Pangulong Estrada. Makikita rito ang imahen ng Birheng Maria - ang Shrine of Mary, Queen of Peace, Our Lady of EDSA o mas kilala bilang EDSA Shrine, at sa ibaba ay ang mukha ng dating pangulong Estrada na nakayuko. Masasabing ang Administrasyong Estrada ang isa sa mga pinakakontrobersyal na administrasyon dahil sa nangyaring “EDSA People Power II.” Nagsimula ang sigalot sa kanyang panunungkulan noong ibunyag ni Luis “Chavit” Singson ang pagbubulsa niya ng daan-daang milyong piso buhat sa jueteng at paggamit ng pondo ng bayan para sa kaniyang personal na interes.

Dagdag pa rito, pinakita rin sa muralya ang mga nakataas at nakakuyumos na mga kamao na tanda ng pagkakaisang politikal. Ito ay pangkaraniwang ginagamit na simbolismo ng komunismo gayundin tanda ng kalakasan, pagkakaisa, pagtutol, at pakikibaka. Mariing ipinakita ng mga Filipino ang pagtutol sa Administrasyong Estrada lalo higit nang hindi buksan ng Korte Suprema ang ikalawang sobre na naglalaman ng mga ebidensya laban sa dating pangulo. Sa dagok na ito, lumaganap ang mga prayer rally na mababatid sa muralya batay sa paglalagay ng pintor sa Birheng Maria. Ipinakita lamang na bukod sa pisikal na lakas, dasal ang isa sa mga naging sandata ng mga Filipino – bilang Kristiyanismo ang umiiral na rehiyon sa halos malaking bahagi ng bansa. Ang pagbaba ni Estrada sa kanyang puwesto ay nagbigay daan upang maihalal na pangulo ang bise-presidente noon na si Arroyo.

Sa pagpapatuloy, ipinakita rin ang naging takbo o daloy ng administrasyon ni Arroyo sa siyam na taong panunungkulan mula sa mga symbolismong ipinakita ni Gil Bella. Tulad ng nabanggit sa mga unang pahayag, ang kanyang pagiging pangulo pagkatapos ng Administrasyong Estrada ay may positibong implikasyon sa bansa at tanda na muling napakinggan ang boses ng mga Filipino. Naisadiwa nito ang pananaig ng demokrasya sa bansa. Bukod rito, makikita rin ang mga kontribusyon ng Administrasyong Arroyo sa anyong “gears” na kadalasang ginagamit sa mga sasakyan. Ang nilalaman ng bawat gear ay ang mga Filipinong nagtatrabaho na itinuturing na isa sa susi ng paglago ng ekonomiya. Ang mga Overseas Filipino Workers (OFW) ang itinuring ng dating pangulo bilang “greatest export” sa kanyang State of the Nation Address (SONA). Akma ang konotasyong mga “bagong bayani” sapagkat sinasagip nila ang ekonomiya ng bansa sa krisis hanggang sa kasalukuyan. Buhat sa konseptong ito, ginamit rin ang eroplano bilang signos ng pagpasok ng globalisasyon na naging daan para sa maraming Filipino na mangibang-bansa.

Ngunit, hindi lamang mga kontrobersiya ni Estrada ang laman ng muralya sapagkat ipinakita rin nito ang mga kinaharap na isyu ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa kanyang administrasyon. Makikita sa pinta ang pigura ni Virgilio Garcilliano, opisyal ng Komisyon ng Halalan (Commission on Elections o COMELEC), na nakipagsabwatan kay Arroyo upang manipulahin ang mga boto sa halalan ng pagkapangulo. Ito ay naging mitsa nang malawakang pagprotesta laban sa pangulo gayundin ang paghahain ng mga impeachment. Mas naging matunog ang nasabing iskandalo sa katawagang “Hello, Garci.” Ang isa pang isyu na ipinakita sa obra ay imahe ni Jun Lozada na binansagang “whistleblower” sapagkat siya ang naglantad sa nangyaring anomalya sa ZTE Corporation sa Tsina para sa proyektong National Broadband Network (NBN). Sa mga anomalyang ito, maraming naging kasabwat si Arroyo at isa na rito ang ilang mga nasa militar kaya matutunghayan din sa pinta ang dating senador na si Antonio Trillanes IV na isa sa mga pinuno ng grupo ng Magdalo. Isa siya sa mga dating senador na tahasang naghayag ng hindi pagsang-ayon sa Administrasyong Arroyo.

Makikita rin sa muralya ang ilang mga naging problema ng administrasyon buhat sa mga sakuna at isyung politikal na yumanig sa kasaysayan ng Filipinas. Una na rito, ang Bagyong Ondoy na kumitil ng maraming buhay at nagdulot ng malaking halaga ng pinsala sa bansa. Kitang-kita ito sa mga taong waring naglalakad ng baha at sinusubukang lumikas. Sinasabing ang bagyong ito ay nagdulot ng lampas ulo hanggang lampas bubong na baha kaya maraming lugar sa NCR ang nalubog sa tubig. Buhat sa pangyayaring ito, nagdeklara si Arroyo ng state of calamity sa kalakhan ng NCR. Ikalawa, ang pagkakalagay ng mga mukha nina Ismael Mangundadatu at Andal Ampatuan Jr. Ito ay pagpapakita ng matinding pamumulitikang humantong sa pamamaslang na mas naging matunog sa tawag na Masaker sa Maguindanao (o Maguindanao Massacre). Makikita sa muralya ang nakatirik na tatlong kandila na tanda ng karumal-dumal na krimen at signos ng paghingi ng katarungan. Tinatayang 78 katao ang nasawi at karamihan



ng mga namatay ay mga mamamahayag. 32 ang tinatayang mga namatay na mamamahayag sa trahedyang ito kung kaya't nagmarka ito sa kasaysayan ng mga mamamahayag.

Sa kanang bahagi naman ng pinta, makikita ang pigura ng dating pangulong si Benigno Simeon “P-Noy” Cojuangco Aquino III na nanunumpa kay Justice Conchita Carpio Morales. Muling pinagkatiwalaan ng taongbayan ang isang Aquino at naniwala sa islogang “matuwid na daan.” Ipinakita ni Gil Bella ang administrasyong Aquino sa pamamagitan ng mga programang kanyang nailunsad tulad halimbawa ng mukha ng kabataang nakapang-uniporme at pisarang may nakasulat na K-12, sapagkat sa pamamahala niya inaprubahan ang programang K to 12 na tinutulan ng marami sa dahilang kaya namang makipagsabayan ng mga mag-aaral na Pilipino sa noong umiiral na sampung taong pangunahing edukasyon. Tila ba naging dagdag pahirap lamang ito sa mga magulang dahil sa hindi pa rin naman garantiya ang trabaho matapos ang K-12 - na ipinangako ng administrasyon habang ipinapasa pa lang ang malawakang pagbabagong ito sa sistema ng edukasyon. Gayunpaman, sinasabing ipinakita nito na pinalakas ng Administrasyong Aquino ang sektor pang-edukasyon. Ikalawa, makikita rin sa muralya ang mga matataas na gusali na tanda ng industriyalisasyon at magandang ekonomiya. Mababatid na muling binuhay ni Aquino ang manufacturing sector sa pamamagitan ng mga proyektong pang-industriyalisasyon. Sa katunayan, lumago ang ekonomiya ng 6-7% kada taon kaya ang dating “tiger cub” ay napalitan ng “Asia’s Rising Tiger” sa ekonomiya.

Bukod sa pagpapalago ng ekonomiya, isa rin sa layunin ni Aquino ang pagkakaroon ng magandang ugnayan sa Estados Unidos kaya narito ang pigura ng dating pangulo ng Estados Unidos na si Barack Obama. Binalak ng alyansang ito na palakasin ang depensa ng Pilipinas laban sa banta ng China sa pag-aangkin ng West Philippine Sea at suportahan ang Filipinas sa legal na pagmamay-ari nito. Sa konotasyong pagpapakahulugan, sumisimbolo rin ito sa muling pagyakap ng bansa sa mga dayuhan. Matatandaan din na noong 2015 ay tumungo sa Filipinas ang mga lider mula sa iba't ibang bansa para sa Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) Meeting - at isa nga sa mga global na lider na dumating sa bansa ay ang pinuno ng Estados Unidos na si Obama. Maski na ganoon, alam natin na sa hindi kalaunan tila binebenta lang naman ng mga naghaharing-uri, ng mga nasa kapangyarihan, ang bansa para sa ‘cheap labor’ at patuloy na binubuksan ang pintuan ng bansa para sa mga neoliberal na polisiya, na kung saan mas makikinabang ang mga banyaga at muli, ang mga iilang nasa itaas ng tatsulok. Hindi tulad ng dalawang pangulo, wala pang mga kontrobersiya at isyu ang nakakabit sa administrasyon ni Aquino sapagkat nasa kalahati pa lamang ng termino si Aquino nang ipinta ni Gil Bella.

Ibinahagi rin ni Gil Bella ang mga ilang mahahalagang tagpo sa kasaysayan ng Filipinas lalo higit ang mga taong nagbigay karangalan dito. Ang ilan sa mga taong nagdala ng dangal sa bansa ay sina Manny Pacquiao (na naging senador at tumakbo bilang bise-presidente noong Halalan 2022) na tinaguriang pambansang kamao, si Efren Penaflorida na itinuring na CNN Hero

of the Year noong 2009 dahil sa karitong klasrum nito, at si Shamcey Supsup na nakakamit ng 3<sup>rd</sup> runner up sa Miss Universe noong 2011. Litaw na litaw rin sa pinta ang dalawang taong gumagamit ng isang Precinct Count Optical Scanner o PCOS machine. Taong 2010, ito ang unang pagkakataong naging automated ang pagboto at buhat rito sa mismong araw ng botohan ay natutukoy na rin ang naging resulta. Laking kaibahan nito sa tradisyunal na pagboto na inaabot ng 45 na araw sa pagbibilang. Bagaman ang memory card ay maliit lang, iginuhit itong malaki sa pinta dahil sa bigat ng naging implikasyon nito sa lipunan. Bagaman maituturing itong bentahe dahil bagong pamamaraan ito ng pagboto, nagkaroon pa rin ito ng malaking iskandalo - ang Smartmatic Scandal. Sinabing mas madaling isagawa ang pandaraya sa ganitong uri ng mga makina sapagkat memory card lang ang gamit nito. Makikita rin sa pinta ang nakaimprentang papel na may logo ng pamahalaan, ito ay tanda na nakasasalay rito ang kinabukasan ng ating pamahalaan lalo higit ng ating bansa.

Sa kabuuan, bakas sa muralya ang paggamit ng watawat bilang hulmahan ng naging pagpinta ng pintor, mapapansin din ang pag-akma ng mga kulay batay sa inilalahad nitong pangyayari. Kagaya ng sa kulay pulang madalas na i-ugnay sa karahasan, digmaan, pagkagalit, at kapahamakan - naging akma ito sa paglalahad ng pangit na mukha ng pulitika. Hindi katulad sa pula na ang laman ay negatibo, sinasalamin naman ng bughaw ang kapayapaan, katatagan, responsibilidad, at pag-unlad. Kapansin-pansin agad sa bahaging ito ang mukha ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Sa bahaging dilaw ay makikita ang pigura ng dating pangulong si Benigno Simeon “P-Noy” Cojuangco Aquino III. Sinasabing ang kulay dilaw ay isa sa mga naging tatak ng pamilyang Aquino kung kaya’t maaaring isa rin ito sa mga dahilan kung bakit sa bahaging ito nakalagay si P-Noy. Sinasabing ang kulay ay tanda rin ng pag-asa at ito ay sumasalamin sa kanyang panunungkulan dahil sa sikat niyang tagline na “matuwid na daan” kung saan muling nanumbalik ang tiwala ng mga Pilipino sa gobyerno.

Batay sa sariling naratibo ni Bella, ibinahagi niya na ito ang kanyang pinakamabigat na proyekto dahil isinasaisip niya ang magiging implikasyon ng kanyang likhang-sining. Isinasaip niya muna ang magiging daloy ng kanyang muralya at sumangguni kay Propesor Camagay sa mga detalye na kaniyang ilalagay sa nilalaman ng pinta. Sa kabila ng sariling paniniwala, natutunan niyang maging obhektibo lalo higit kung kasaysayan ng Filipinas ang tinatalakay (Defeo 128). Kaya kung papansinin ang muralya, makikita ang positibo at negatibong mukha ng administrasyong Arroyo. Sa kabuuan, matagumpay pa rin niyang naipakita ang naging karanasan ng bansa sa patuloy na pakikibaka para sa kapayapaan at kaunlaran.

*Tungkol sa Pintor:* Si Bella ay ipinanganak noong 1972 sa Lungsod ng Cebu, at nagtapos ng Batsilyer sa Fine Arts sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman noong 1993. Habang nasa kolehiyo ay tinutukan ni Bella ang klasiko at renaissance na pamamaraan sa pagpinta. Nagkaroon siya ng karagdagang pagsasanay sa Gage Academy sa Estados Unidos, kung saan nilinang niya ang

kanyang interes sa dikotomiya ng tao at pakikibaka. Nakapagtrabaho siya bilang art director at graphic designer sa Filipino Cultural Heritage Society of Washington, Alecon Realty, Hope Publishing, International Artist Magazine, Pastel Journal, Phoenix-SIBS Publishing House, Quarter Group Publishing, Saint Francis of Assisi Publications, at Tawid Publications. Noong 2005 ay nagdesisyon siyang maging isang full-time na pintor. Kasapi siya sa Filipino Portrait Artists Guild, sa Philippine Pastel Artists, at sa Artalyer Workshop and Studio. Kilala ang kaniyang estilo bilang hyper-surrealism (Defeo 129).

## Kongklusyon

Matapos suriin ng mga mananaliksik ang apat (4) na likhang-sining sa exhibit ng Sining Saysay, nabatid ng mga mananaliksik ang mga imahen at mga representasyon na nais ipakita sa bawat lona. Bagaman hindi tinutukoy ng mga mananaliksik na malay ang mga manlilikhang-sining sa iba't ibang pakahulugan na nahinuha mula sa kanilang pagsusuri - naging makabuluhan ang pagbibigay ng pakahulugan ng mga ito batay sa kanilang kaalaman sa kasaysayan.

Makikita sa naging pagsusuri ng mga muralya ang paggamit ng teoretikal na balangkas kung saan ang denotasyon at konotasyon ang nagsilbing batayan sa naging pagsusuri sa apat na muralya. Mula sa maingat na pagsusuri ng mga mananaliksik, natukoy ang mga senyas na nasa denotatibong kahulugan dahil kakabit nito ang mga kahulugan na batid ng madla. Habang ang mga signos na nasa konotasyong lebel ay nakadepende sa personal na pag-uugnay sa sosyal na realidad na tinatamasa. Sa madaling salita, ito ay naging koleksyon ng iba't ibang denotasyon. Mababatid na mahalagang maunawaan ang naging proseso sapagkat nakatuon dito ang nabanggit na order ng signipikasyon, isinasadiwa ng signifier ang signified gayundin namamayani ang signifier dahil sa signified. Ang pagsipat sa larawan ay humiwalay na sa denotasyong pagpapakahulugan sapagkat hindi na ito nakakulong sa literal na konteksto ng larawan. Ang sistema ng konotasyon ay nagsilbing daan upang magkaroon ng malalim na pagtalakay sa larawan na labas sa literal na pinapakita nito. Gayunpaman, nais muling bigyang linaw ng mga mananaliksik na iba't ibang pag-aaral gayundin at sari-sariling mga kasanayan at kaalaman ang naging batis ng pakahulugan sa ilang konotasyon ng mga imahen.

Dagdag pa sa pagsusuri, makikita ang kultura ng mga Filipino sa pagtingin sa positibong aspekto ng buhay. Makikita ito dahil karamihan sa malalaking bahagi ng mga muralya ay pagtanaw sa mga magagandang naging ambag ng bawat administrasyon sa kani-kanilang mga pamumuno. Masasabing madilim ang naging tema ng unang muralyang sinuri na tungkol sa Batas Militar ngunit makikita sa malaking bahagi nito ang pagpiglas, paglaban, at patuloy na pakikibaka ng mga mamamayan laban sa diktaturang Marcos - at naging matagumpay ito. Gayundin sa susunod na muralya, pinatunayang hindi nagapi ang mga Filipino dahil nabigyan sila ng pagkakataong muling matamasa ang demokrasya at nakamit ito nang may pagkakaisa.

Buhay na buhay ang susunod na muralya bilang sinasabing sa mga panahong ito, unti-unting nakabangon ang Filipinas mula sa mga unos na hinarap nito mula sa madilim na panahon ng Batas Militar at mga krisis sa Administrasyong Aquino. Gayundin ang panghuling muralya na maski may ilang hindi magandang pangyayari sa mga nabanggit na iba't ibang administrasyon, malaking bahagi pa rin ng muralya ang nagpakita ng tagumpay—mula sa pagpapakita ng pag-unlad ng ekonomiya, at ang pagwagayway ng mga mukha ng ilang Filipinong nagbigay dangal sa bansa. Bagaman naging daan ito sa pagiging optimistiko ng mga Filipino, hindi pa rin basta-basta nakalilimot ang mga ito sa mga masalimuot na nangyari at/o mga iskandalong naganap sa bawat pamumuno.

Muli, kagaya ng nabanggit sa introduksiyon, ang mga pampublikong muralyang ito ay nagsisilbing tanda ng kasaysayan at kultura ng isang lipunan. Naisalarawan ng mga muralyang ito ang iba't ibang isyung panlipunan na lumitaw sa iba't ibang panahon. May kakayahan itong maging midyum ng panlipunang dayalogo sapagkat nakahihikayat itong buksan ang mata ng mga madla upang makita ang iba't ibang isyu at daing ng isang lipunan. Importanteng matunton at matuklasan ang mga lugar na kagaya nito, hindi lamang ng mga mag-aaral, ng mga nasa akademya, kung hindi ng lahat na may posibleng akses dito, bilang napakayaman sa mapupulot na karunungan hinggil kasaysayan at lipunan ang makukuha mula sa pagbisita sa mga exhibit kagaya nito - na siguradong hindi lamang nag-iisa sa bansa. Makikitang mahalaga ang papel ng sining dahil sa kakayahan nitong “maiparinig” ang mga “tinig” na nais iparating ng mga likhang ito.

Hindi dapat tingnan nang mababa ang mga manlilikhang sining at ang kanilang mga likha dahil ang mga ito ay may kabuluhan at may ambag sa lipunan—lalong-lalo sa kapangyarihan nitong maghatid ng mga mensaheng maaaring makapagpabago at makapagpakilos sa mga makakakita at higit na makaiintindi nito. Maliban sa pagpaparating nito ng mensahe sa madla, maaari rin itong maging mitsa ng diskursong maaaring maging daan sa pagmulat sa nakakarami.

Bunga ng kasaysayan ang sining. Kung gayon, ang isang likhang sining ay maituturing na *artifact*. Tulad ng isang *artifact*, tinutulungan nito ang isang bansa na kumilala at gumunita sa mga mahahalagang tagpo ng kasaysayan. Malinaw ang pinapaksa ng obra kung kaya't ang bunga ng pagsusuri ay tulay sa pagkakaroon ng malalim na kabatiran sa kasaysayan. Sinasalamin rin ng pag-aaral ang pangangailangang maging kritikal upang masugpo ang mga kumakalap na maling impormasyon sa nakaraan. Higit sa lahat, ipinapakita rin dito ang kakanyahan ng mga pinta na maging materyal sa pagtuturo at pagkatuto ng kasaysayan. Malaki pa rin ang gampanin ng mga paaralan, partikular ng mga guro sa mga asignaturang Filipino, Kasaysayan, at Araling Panlipunan, dahil sila ang magiging pangunahing batis ng impormasyon ng kabataan lalong-lalo sa mga usaping sitwasyon ng lipunan at kasaysayan na napakahalagang malaman upang masiguro ang pagiging malay nila sa kasalukuyang lipunan.

Gayunpaman, hindi lahat ng nasa mga institusyon ay may katuwiran ang kaalamang ipinalalaganap; mabuting maging mapagtanong, mapanigurado, at mapanuri pagdating sa mga tatanggaping impormasyon. Patuloy na kilalanin ang mga ugat at pinagmulan ng kasaysayan upang maiwasang maulit o mapigilan itong maulit lalo higit kung masalimuot ang hinaharap na buhat nito. Sa mabuting lagay, hangga't may mga ganitong uri ng likhang-sining, magpapatuloy ang pagkilala sa mga ugat na pinagmulan ng kasaysayan upang mapigilang maulit ang malabangungot na mga pangyayari. Nasa ating mga susunod na hakbang ang magiging tadhana ng hinaharap nating mga Filipino at ng ating lipunan.

## Sanggunian

- Ancheta, J. R. "Ang Pagbasa Ng Juan for All, All for Juan Ng Eat Bulaga at Ang Mito Ng 'Bayanihan of D Pipol.'" *Dalumat* 4.1-2 (2013): 47-60. Print.
- Barthes, Roland. *Elements of Semiology*. London: Cape, 1967.
- Beltran, S. (2022, March 29). *SiningSaysay Philippine history in Art: The world's first historical art gallery*. When In Manila. Retrieved March 2023, from <https://www.wheninmanila.com/siningsaysay-philippine-history-in-art-the-worlds-first-historical-art-gallery/>
- Blanza, Lander. *Philippine Modernism: A Collection of Works from Established and UP-and Coming Talented Filipino Artist*. LPB ArtHouse Media, 2022.
- Chen, James. "Tiger Cub Economies: What They Mean, How They Work." Investopedia, 3 Oct. 2022, [www.investopedia.com/terms/t/tiger-cub economies.asp#:~:text=Tiger%20Cub%20economies%20is%20the,%2C%20South%20Korea%2C%20and%20Taiwan](http://www.investopedia.com/terms/t/tiger-cub-economies.asp#:~:text=Tiger%20Cub%20economies%20is%20the,%2C%20South%20Korea%2C%20and%20Taiwan). Accessed 29 Jan. 2024
- Defeo, Ruben. *SiningSaysay: Philippine History in Art*. Office of the President, University of the Philippines System, 2015.
- Edifice complex: Building on the backs of the Filipino people*. Martial Law Museum. (n.d.). <https://martiallawmuseum.ph/magalar/edifice-complex-building-on-the-backs-of-the-filipino-people/>
- EDSA People Power Revolution*. Amnesty Philippines. (2022, July 22). <https://www.amnesty.org.ph/2022/07/protestph-edsa-revolution/>

- Gamalinda, C. T. (2022, February 28). *The passionate nationalist Adi Baen Santos*. Philstar Life. Retrieved March 2023, from <https://philstarlife.com/geeky/113680-nationalist-adi-baen-santos>
- GMA News Online. (1970, January 1). *ARMM history and organization*. GMA News Online. Retrieved March 2023, from <https://www.gmanetwork.com/news/topstories/content/112847/armm-history-and-organization/story/>
- Grandier Portfolio (2011). *Grandier Gil C. Bella*. Retrieved March 2023 from <https://www.yumpu.com/en/document/read/2875516/the-parts-that-remake-the-whole-grandier-bella>
- Guazon, Tessa Maria. "Creative Mediations of the City: Contemporary Public Art as Compass of Metro Manila's Urban Conditions." *International Journal of Urban and Regional Research* 37.3 (2013): 864-78. Print.
- INQUIRER.net. (2007, February 1). *Farmers remember 'Mendiola Massacre' '20 years, still no justice' -- KMP*. Farmers remember 'mendiola massacre' - inquirer.net, Philippine News for Filipinos. Retrieved March 2023, from [https://web.archive.org/web/20080616035714/http://newsinfo.inquirer.net/breakingnews/nation/view\\_article.php?article\\_id=44709](https://web.archive.org/web/20080616035714/http://newsinfo.inquirer.net/breakingnews/nation/view_article.php?article_id=44709)
- Lacuata, R. C. (2015, February 6). *Sining Saysay traces ph history through art*. ABS. Retrieved March 2023, from <https://news.abs-cbn.com/lifestyle/02/06/15/sining-saysay-traces-ph-history-through-art>
- Lakansining. "Sining Saysay, Gateway Mall, Cubao, Quezon City Part 2: Independence and the Continuing Fight for Identity." Blog post. Lakansining. 19 Jan. 2019. Web. May 2021.
- Macas, Trisha. "The 'Sining Saysay' Exhibit: A 15-minute History Lesson with Paintings." GMA News Online. GMA News Online, 01 Jan. 1970. Web. May 2021.
- Mangaluz, J. (2023, August 21). *Ninoy Aquino's death lit the path towards EDSA Revolution - Lagman*. INQUIRER.net. <https://newsinfo.inquirer.net/1819505/fwd-ninoy-aquinos-death-lit-the-path-towards-edsa-revolution-lagman>
- Melencio, G. E. (2019). Stories of the Nameless: Eyewitness Accounts of Martial Law Survivors. *UP Los Banos Journal*, XVII, 81–84. /<https://www.ukdr.uplb.edu.ph/cgi/viewcontent.cgi?article=4953&context=journal-articles>.

- “Mensahe ni Department of Transportation Secretary Jaime J. Bautista sa 131st Anniversary ng Philippine National Railways, ngayong araw, November 24, 2023.” [www.pnr.gov.ph/](http://www.pnr.gov.ph/). Accessed 29 Jan. 2024.
- Miclat, A. C. (2021, December 6). *Pablo Baens Santos: The social realist who told the truth*. The Diarist.ph. Retrieved March 2023, from <https://www.thediarist.ph/pable-baens-santos-the-social-realist-who-told-the-truth/>
- Rappler. (2021, July 14). *Renowned painter Angel Cacnio dies at 90*. RAPPLER. Retrieved March 2023, from <https://www.rappler.com/life-and-style/arts-culture/painter-angel-cacnio-dies/>
- Rivera, G. R. (2022, May 21). *The Impact of the Catholic Church on Mass Mobilization: A Comparison between the Church and protests in Chile and the Philippines* (thesis). Retrieved January 2024, from [chrome-extension://efaidnbnmnnibpcajpcglclefindmkaj/https://research.library.fordham.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1080&context=international\\_senior](chrome-extension://efaidnbnmnnibpcajpcglclefindmkaj/https://research.library.fordham.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1080&context=international_senior).
- Saul, Aileen Joy G. “4. Ipinintang Kamalayan Ukol Sa Kapayapaan: Pagbasa Sa Imahe Ng Mga Likhang Mural Ng Kolehiyong Mag-aaral Ng De La Salle Lipa.” *Dalumat Ejournal* 3.1 (2012): 95-104. Web.
- Tomada, N. M. (2008, June 22). *The obra that is Angel Cacnio*. Philstar.com. Retrieved March 2023, from <https://www.philstar.com/cebu-lifestyle/2008/06/22/68902/obra-angel-cacnio>
- Vinzons, Ignatius H. “Ang Diwa Ng Jeepney.” *Diwa E-Journal* 3 (2015). Print.
- Zulueta, L. B. (2016, January 11). *Angel C. Cacnio gets a fitting retrospective*. Lifestyle.inq. Retrieved March 2023, from <https://lifestyle.inquirer.net/219048/angel-c-cacnio-gets-a-fitting-retrospective/>

# Pahambing na Pagsusuri sa mga Isyung Panlipunang Itinatampok sa Ilang Akdang Salin mula sa mga Piling Bansa sa Timog Silangang Asya (Cambodia, Singapore, Indonesia, at Thailand)

*nina Marlon L. Miguel, LPT, MAEd at Philip A. Perida, LPT, MAEd*

## Abstrak

Sa pamamagitan ng pagsusuring pangnilalaman sa mga piling saling akda kagaya ng akdang “Mabuhay Ka, Anak Ko” mula sa Cambodia; “Ang Istorya ng Taxi Driver” ng Singapore; “Ang Mga Tiket sa Loterya ni Haji Zakaria” ng Indonesia; “Aanhin Nino Iyan?” ng Thailand, natuklasan ang mga suliraning panlipunan ng mga piling bansang ito kagaya ng prostitusyon, pagiging suwail ng mga anak sa kanilang magulang, karahasan ng digmaan, paglabag sa karapatang pantao, gutom, kawalan ng kapayapaan, pag-abuso ng gobyerno sa kapangyarihan, pagkalulong sa bisyo gaya ng sugal na may masamang epekto, paggawa ng krimen dulot ng matinding pangangailangan, at pagkasira ng moral ng tao. Ang mga suliraning ito ay kinatagpuan ng pag-iral sa Filipinas kagaya ng pambubugaw ng magulang sa anak, ang pag-iral ng cybersex, child trafficking, riot, terorismo, digmaaan sa Marawi, pagpaslang sa SAF-44, Oplan Tokhang, korapsiyon, Online Sabong, Huweteng, Lotto, pag-iral ng sindikato, modus at marami pa. Nagagawa ring mapunan ng mga akda ang pangangailangan ng mga Filipino na magkaroon ng kamalayan sa mga isyung panlipunan sa paraang naisasabuhay nila ang kabuluhan ng pagpapahalaga sa buhay at tungkulin, sa mga pinaghirapan at hinaharap, kalayaan, matuwid na landas ng pamumuhay, pagpapaighting ng mapanuring pag-iisip at pananaig ng katapatan at kabutihan.

***Mga Susing Salita:** isyung panlipunan, Timog Silangang Asya, saling-akda, panitikan at pagsusuri*



## Panimula

Makailang ulit nang pinatunayan na ang panitikan ay hindi lamang isang babasahing nag-uugat mula sa malikot na guniguni ng isang manunulat na maghahatid ng libangan sa mga mambabasa. Sa malalim na pagtanaw, ang panitikan ay may bitbit na kaalaman at kamalayan hinggil sa mga nangyayari sa paligid na nagiging daan upang mamulat ang mga mata't isip na matagal nang natutulog.

Bilang isang sining, hindi lamang ito bunga ng isang malikot na guniguni o malikhaing pag-iisip. Ito ay may tiyak na sinibulang panahon na naglalaman ng mga samu't sari at masalimuot na karanasan na maaaring tuwiran o hindi tuwirang naranasan ng isang manunulat. Kung gayon, tunay itong mapagtitibay mula sa binanggit ni Lumbera (2017) na ang kasaysayang pinagdaanan ng lipunang kinapalooban ng mga pangyayari sa naratibong akda ay mga pangunahing salik sa pagsusuri ng akda, sapagkat hinuhubog nito ang mga tauhan at pangyayaring pumapasok sa akda. Ang lipunan ay nagsisilbing tanghalan ng mga kaugalian, halagahan at mithiing binuhay ng mga taong kasangkot sa sigalot. Makita mula sa inilahad kung paanong nagkakaroon ng matibay na ugnayan ang lipunan at ang panitikang nalilikha sa bawat panahon at kung paanong ang mga ito ay nakapagmumulat ng kamalayan.

Kung gayon, ang panitikan ay sumasalamain sa mga katotohanan ngunit dahil isang anyo ng sining (Blakeley, 2022) isinaalang-alang ang pagpapalamuti sa mga pangyayari; may mga iilang binabago, may natatanging paraan ng paglalahad na naiiba sa ibang sulatin, may pagbibigay ng bagong bihis sa pangyayari ngunit hindi dapat mawala ang layuning maiparating nang tama ang mga idea at karanasan sa mambabasa, at tungkulin ng bawat mambabasa na ito ay kanilang matuklasan at maunawaan. Kayâ mapagtitibay ito mula sa isinaad ni Badayos (2008) na ang panitikan ay hindi lamang nakatuon sa pagbigay ng kahulugan kundi naroon din ang pagbuo ng kahulugan. Sa pagbuo ng kahulugang ito ay mahalaga ang ginagampanang papel ng panunuring pampanitikan, na ayon sa isang artikulo sa Master Class na pinamagatang “Literary Criticism Explained: 11 Critical Approaches to Literature,” ang pinakalayunin ng panunuring pampanitikan ay palawakin ang pang-unawa ng isang mambabasa sa pamamagitan ng pagbubuod, pagbibigay-kahulugan, at pagtuklas sa halaga nito. Hinahayaan ang bawat indibidwal na makabuo ng isang komprehensibong pagsusuri sa panitikan na maaring magbigay-kaalaman at humamon sa pag-iisip ng isang tao.

Mapalalakas kung gayon ang pagtanaw sa panunuring pampanitikan bilang isang intelektuwal na gawain na kinakailangan ng mayamang panahon sapagkat kasangkot dito ang gawaing pampag-iisip na lumalampas sa pagtukoy sa mga elemento ng isang akda, manapa'y isang pagbibigay-kulay at diwa sa isang akda. Kaya't hindi nakapagtataka kung bakit sinabi ni Rose Torres-Yu (2006) na ang panunuring pampanitikan ay hindi lamang isang mababaw na paksa na pumapatungkol sa mensaheng mayroon ang akda. Ito ay isang pagsasalaysay na tumatanglaw sa

halaga ng diskurso na nakapag-aambag sa kasaysayan at lipunang pinaghuhugutan nito. Sakop ng panunuri ang pagbuo ng isang makataong pagpapahalaga, at paglutas ng mga suliraning kinahaharap. Sa pamamagitan ng panunuri ay nabibigyan ng bagong bihis ang akda at higit nitong pinatitibay ang relasyon ng tao at panitikan.

Daan kung gayon ang panunuri sa mga akdang pampanitikan upang malapitan ding masilip ang lipunan kasama na ang mga suliraning lumulukob dito. Kaya nga't sa unti-unting pagkahubog ng malalim na pagkaunawa ng isang mambabasa sa kaniyang kaakuhan, ay dahan-dahan ding magiging malinaw sa kaniya ang masalimuot na pinag-ugatan ng kaniyang pag-iral o ng kanilang kolektibong pagkalahing maiuugat mula sa panghihimasok ng mga ugnayang pandaigdigang o kontinental na may malaking epekto sa kasalukuyan nilang pamumuhay. Mapagtitibay ang ganitong kaisipan sa inilahad nina Perez-Semorlan, et al. (2014), binanggit sa pag-aaral ni Nibalvos (2019), na ang panitikan ay nagsisilbi ring pambansang pamana na umuukit sa pagkakakilanlan o identidad ng isang lahi, kalakip nito ang nakaraan ng isang bansa na bahagi ng kaniyang kasaysayan na dapat lingunin sapagkat iyon ay nagsisilbing salamin ng tunay na katauhan ng mga mamamayan nito. Sa pagsasagawa nito ay hindi maaaring ipagsawalang-bahala ang pangangailangang silipin ang akda kaugnay ng lipunan.

Sa puntong ito ay makikita ang pangangailangang mahubog sa mambabasa ang kamalayan hinggil sa ugnayan ng kaniyang bansa sa ibang lahi, at ang pangangailangang ito ay natutugunan ng panitikan sa pamamagitan ng pagpapakilala ng iba't ibang kultura na, sa kabutihang palad, ay nagreresulta rin ng pagtatamo ng kultural na literasi. Ayon kay Austin (2022), sa tulong ng panitikan ay nagkakaroon ng mas malalim na kaalaman ang isang tao sa kultura na hahantong upang ito ay kaniyang mapahalagahan. Ganito rin ang inihahaing kaalaman nina dela Concha at Lamberto (2015) na binanggit sa pag-aaral nina Kabling et al (2018), na ang panitikan ay maituturing na salamin ng lahi na nagpapakita ng repleksyon sa kabuoan ng mga karanasan, kaugalian, paniniwala, pamahiin, kaisipan, at pangarap na ipinapahayag sa isang maganda at masining na paraan.

Hindi nakapagtataka kung bakit mula sa K-12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino na suportado ng Atas Kagawaran Blg. 21 serye 2021 partikular na sa mga Pangunahing Pamantayan sa Bawat Yugto (mula taon 7 hanggang 10) ay isinaad na: “Sa dulo ng Baitang 10, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga akdang rehiyonal, pambansa at salintekstong Asyano at pandaigdig upang matamo ang kultural na literasi.”

Gayundin sa bahaging “Pamantayan sa Bawat Baitang,” partikular sa baitang 9 na nagtatakdang: “Pagkatapos ng ikasiyam na baitang, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at saling-akdang Asyano upang mapatibay ang pagkakakilanlang Asyano.”

Malinaw na inilalahad mula sa kurikulum ng Kagawaran kung paano ang papel na ginagampanan ng panitikan, maging ng mga saling akdang Asyano, sa paglinang ng mapanuring pag-iisip, kakayahang komunikatibo, pagkakakilanlang Asyano at maging ng kultural na kamalayan at literasi. Sa mga pag-aaral, sinasabing mabuti ang naidudulot ng pagiging culturally literate dahil nakatutulong ito upang maunawaan, maiugnay at makapagsalamuha sa mga taong may iba't ibang pinagmulan; nagiging sensitibo at malay rin ang tao sa kultura ng iba, nalilintang ang kasanayang pangkomunikasyon at repleksiyong pansarili (Flavel et al. 2013); nababawasan din ang mga prejudice at hindi pagkakapantay-pantay (Anning, 2010).

Sa pagkakaroon ng kamalayan hinggil sa ibang kultura dulot ng panitikan ay nabubuksan din ang pinto ng mas malalim pang kamulatan hinggil sa ugnayan ng mga bansa o lahi na may malaking salik sa kasalukuyan nilang pamumuhay. Kagaya na lamang ng ugnayan ng mga nagkakaisang bansa sa Timog Silangang Asya na miyembro ng Association of Southeast Asian Nation o ASEAN na may layuning mapabilis ang pag-unlad ng ekonomiya, lipunan at kultura sa rehiyon, kabilang na rin ang pagsulong ng kapayapaan at estabilidad (ASEAN, 2008).

Mula sa mga layuning binanggit ng ASEAN, mas titingkad ang katotohanan na ang mga nilalayong matamo ng samahan ay maaaring mga bagay na kulang o mabagal sa mga bansang kasapi, kung kaya't nagkakaisa sila sa pagnanais na maipagpatuloy ang ugnayang ito tungo sa mabuting pamumuhay. Kung sisipatin mula sa lente ng kasaysayan at kasalukuyan, mababatid na noon pa ma'y nagaganap na ang ugnayan sa mga ito at nagpapatuloy hanggang ngayon. Isang magandang halimbawa ay ang sa kaso ng Filipinas at Thailand. Sinabi ni Chongkittavorn (2022) na noong panahon ng Malamig na Digmaan, ang Thailand at Filipinas ay itinuturing nang magkaibigan. Pareho ang dalawang ito na may matinding pagtuligsa sa komunismo at pumanig sa US bilang kaalyado. Kabilang din ang dalawang bansa sa Southeast Asia Treaty Organization, kilala bilang Kasunduan sa Maynila. Ang Thailand at Filipinas lamang ang dalawang bansa sa Timog Silangang Asya na nagpadala ng tropa sa digmaan na nagtamo ng kabuoang 1,368 na kaswalti at 116 na sundalong Filipinong napatay. Sa ngayon, makikita pa rin ang mga miniature flag ng dalawang bansa sa truce village ng Panmunjom. Kaya't sa kasalukuyan ay inaasahan ang muling pagtatag ng relasyon ng dalawang bansang ito sa ilalim ng pamumuno ni Marcos. Sa mga darating na buwan, ang dalawang bansa ay sinasabing mas magkakaroon ng estratehikong ugnayan. Higit sa lahat, ang kanilang mga pamamaraan ng kooperatiba ay magiging higit diumano kaysa dati. Natalakay ito nang makadaupang palad ng Pangulong Marcos, na noon ay kaluluklok lamang bilang pangulo ng Filipinas, ang ministro ng Thailand.

Masasabi rin na may ugnayan ang bansang Filipinas at Cambodia lalo pa't tinatayang may higit sa 7,000 Filipino ang nagtatrabaho at naninirahan dito, na karamihan din sa kanila ay nasa mataas na posisyon sa accounting, aviation, hospitality, edukasyon at iba pang industriya (Senase, 2022). Nagkaroon din ng talakayan ang mga eksperto hinggil sa mga kasalukuyang

proyekto at gawain ng Cambodia at Filipinas at nagbigay ng kanilang mga pananaw sa hinaharap pang mga ugnayan, noong Oktubre 19, 2022 (Foreign Service Institute, 2022).

Nariyan din ang bansang Singapore na sinasabing nabuo na ang diplomatikong relasyon sa Filipinas noon pang Mayo 1969. Ang bansang ito ay pinahahalagahang katuwang ng Filipinas. Sa mga nakalipas na taon, ang dalawang bansa ay nagdadalawan upang kumustahin ang kalagayan ng isa't isa. Ang pakikipagtulungang pang-ekonomiya ng Filipinas sa Singapore ay patuloy na lumalawak at umuunlad, sa katunayan ang bansang ito ang panlimang pinakamalaking kasosyo ng Filipinas sa buong mundo at pinakamalaki sa ASEAN. Idagdag pang tinatayang nasa 200 libong Pilipino ang nagtatrabaho sa naturang bansa (The Embassy of the Philippines Singapore, 2022).

Mapatutunayan ding ang Filipinas ay may magandang relasyon sa bansang Indonesia. Ayon sa artikulo ni Abad (2022), 70 taon na ang nakararaan nang maitatag ng dalawang bansa ang kanilang relasyong diplomatiko kung kaya't iniwasan ng mga ito ang kaguluhan. Kahit pa ang mga ito ay nagpapalit ng mga pinuno ay hindi naapektuhan ang kanilang relasyon. Sa katunayan ay magkasosyo ang dalawa sa kalakalan, kung kaya't nagtatamasa rin ang mga ito ng kasunduan sa iba't ibang industriya kabilang na ang satellite internet, suplay ng karbon, enerhiya, mga data center, konstraksiyon, at imprastruktura. Ayon pa sa United Nations High Commissioner for Refugees, humigit-kumulang 8,745 katao na may lahing Indonesian ang naitala sa Mindanao noong 2016. Ang batas ng Indonesia ay naglalagay sa mga migranteng ito sa panganib na mawalan ng estado, ngunit ang dalawang bansa ay nagtutungan sa pagkumpirma ng kanilang pagkamamamayan.

Sa mga ugnayang nabanggit, magiging mas matibay kung gayon ang mga inihahaing layunin ng Kagawaran ng Edukasyon kung bakit mahalagang maging lunsaran ang mga saling akda na nagmula pa sa mga karatig bansa sa Asya, sapagkat mas nagiging malinaw kung paano nakikipag-ugnayan ang mga ito sa Filipinas, idagdag pa na naisusulong din ang panitikan. Ang pagsusulong na ito ay nakatutulong nang malaki sapagkat kagaya ng tinuran ni Lopez (2022), likas na sa bawat bansa sa Asya ang magkakaibang estilo ng panitikan, subalit ito ay sumasalamin sa kanilang pagkakatulad, kagaya ng mga tekstong sumasalamin sa kanilang relihiyon, espirituwalidad, kaugalian, tradisyon, pilosopiya sa buhay, at lalo na sa pakikibaka, na nagbibigay dahilan upang mahusay na maunawaan ang kulturang Asyano.

Sa usapin ng pakikibaka, maraming kinahaharap na suliranin ang bawat bansa lalo pa't kung ang mga ito ay mahihirap o papaunlad pa lamang. Ang mga suliranin at pakikibakang ito ay nakakaapekto sa kanilang pamumuhay. Natukoy sa iba't ibang pananaliksik ang mga suliraning panlipunang kinahaharap ng mga bansa sa Timog Silangang Asya kagaya na lamang ng kahirapan (Cook at Pincus, 2014; Roth, 2021), pagtupad sa tungkulin ng gobyerno at

pamumuno (Cook at Pincus, 2014; Harding, 2019; Roth, 2021), kawalan ng hanapbuhay at kita (Cook at Pincus, 2014; Prakash, 2018), karamdaman at salot (Cook at Pincus, 2014; Prakash, 2018; Roth, 2021), hamon ng globalisasyon sa ekonomiya at pinansiyal (Cook at Pincus, 2014; Harding, 2019; Mahmood, 2018), mabilisang urbanisasyon (Cook at Pincus, 2014; Prakash, 2018), isyung pangkasarian (Cook at Pincus, 2014; Roth, 2021), kalamidad at isyung pangkalikasan (Cook at Pincus, 2014; Prakash, 2018; Roth, 2021; Salamanca, 2022; Mahmood, 2018), malayang pagpapahayag, iba't ibang pang-aabuso, at karapatang pantao, (Cook at Pincus, 2014; Roth, 2021).

Tunay at lubhang marami ang mga suliraning umiiral sa bawat lipunan at ang lahat ng ito ay maiuugat sa kagagawan ng mga tao. Lumobo na nang lumobo ang mga isyu at lumikha ng samu't sari pang mga problema na nararanasan ngayong kasalukuyan, hindi lamang sa Asya o Timog Silangang Asya kundi maging sa halos buong mundo, ibig sabihin ay maituturing ang mga ito na isyung global. Bagaman makikitang hindi nabanggit nang kumpleto ang laksa-laksang mga isyung nararanasan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya, datapwat ay nakatulong nang malaki ang mga ito upang mas maging malinaw ang tuuonin ng pag-aaral.

Mula sa mga limitasyong ito, nabuo ang layunin ng pag-aaral na suriin at tuklasin ang iba pang mga isyung panlipunan na kinahaharap at patuloy na nilalabanan ng mga ilang bansa sa Timog Silangang Asya (Cambodia, Singapore, Indonesia, Thailand at Filipinas), ngunit ang mga ito ay sinipat mula sa lente ng mga piling akdang salin sa Filipino na maituturing na kaibahan ng isinagawang pananaliksik sa mga nauna nang pag-aaral. Ito ay alinsunod din sa pagpapatunay na ang panitikan ay isang matatag na salamin o repleksiyon ng realidad, karanasan at buhay ng tao sa mundo.

## **Teoritikal na Batayan**

Sa pagsusuri ng mga piling saling akda mula sa panitikan ng ilang bansa sa Timog Silangang Asya, naging gabay ng mga mananaliksik ang Teoryang Sosyolohikal sa panitikan ni Witte at *Conflict Theory* ni Marx. Sinasabing ang paggamit ng dulog sosyolohikal sa panitikan ay may layuning magpakita ng mga kalagayan o isyung panlipunan, pamaraan ng mga karakter na masugpo ang mga suliranin na magiging modelo ng mga mambabasa upang masugpo ang parehong suliraning nararanasan kagaya ng kaapihan. Ang mga tunay na pangyayaring ito ang pinag-uugatan ng mga pananaw at saloobin ng karakter sapagkat ang panitikan ay produkto ng lipunan na nailuwal mula sa panahon at kasaysayan, kultura, ideolohiya, at kapaligiran. Ang mga akda sa ilalim ng dulog na ito ay sinusuri sa konteksto ng iba't ibang institusyong panlipunan at ang kaugnayan nito sa indibiduwal. Tumutugon ito sa tungkulin ng panitikan na imulat ang lipunan sa mga katotohanan at kagalingang panlipunan.

May layunin ang panitikan sa ilalim ng ganitong dulong na talakayin ang kalagayang sosyal, pamumuhay, pangyayaring nagtutulak ng karahasan, kaapihan, kadakilaan, kagitingan, kabayanihan ng tao, at gayundin ang tumugon sa mga kalagayang ito at humingi ng katugunan mula sa lipunan upang maiangat ang tao. Binibigyang pansin dito ang usapin ng kahalagahan at pananagutang panlipunan.

Sa kabilang banda, ang conflict theory naman ay naniniwalang ang lipunan ay nailalarawan sa pamamagitan ng malaganapang hindi pagkakapantay-pantay dahil sa uri ng lipunan, lahi, kasarian, at iba pang kadahilanan. Ang malawak na pagbabago sa lipunan ay kailangan upang mabawasan o maalis ang hindi pagkakapantay-pantay at lumikha ng isang makatao at patas na lipunan. Tinatanaw rin nito ang mga isyung panlipunan bilang umuusbong sa mga pundamental na kamalian sa anyo ng isang lipunan at parehong sumasalamin at nagpapatibay ng mga hindi pagkakapantay-pantay batay sa uri ng lipunan, lahi, kasarian, at iba pang dimensiyon. Ang mga matagumpay na solusyon sa mga suliraning panlipunan ay dapat na may kasamang malawakang pagbabago sa estruktura o pamamalakad ng lipunan.

Sa tulong ng mga dulong na ito ay naging malinaw kung paano binigyang interpretasyon ang mga akda. Naging tiyak kung anong bahagi at aspekto ng mga teksto ang binigyang tuon at binusising mabuti. Sa pamamagitan ng teoryang sosyolohikal sa panitikan ay naging malinaw ang pagtukoy at pag-unawa sa mga isyung panlipunang kinahaharap ng ilang bansa sa Timog Silangang Asya na mababanaag sa mga piling akdang salin. Ginamit naman ang conflict theory sa pagtalakay at pag-uugnay sa mga natuklasang isyung panlipunan ng piling bansa sa Timog Silangang Asya mula sa mga suliraning panlipunang kinahaharap ng Filipinas. Sa tulong ng dalawang teorya ay nalutas ang ikatlong suliranin ng pag-aaral na nakatuon sa pag-alam kung paano napupunan ng mga akdang salin mula sa mga bansa sa Timog Silangang Asya ang pangangailangang maging mulat at malay ng mga Filipino sa mga suliraning panlipunang kinahaharap.

### **Paglalahad ng Suliranin**

Sinagot sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-anong mga suliraning panlipunan ang maaaring masalamin mula sa mga piling akda ng ...ilang bansa sa Timog Silangang Asya?
2. Paano maihahambing ang mga suliraning ito sa mga isyung panlipunan na mayroon ang ...Filipinas?
3. Paano napupunan ng panitikan ng bawat bansa sa Timog Silangang Asya ang pangangailangan ...ng mga Filipino na maging mulat at malay sa mga napapanahong suliranin na kinahaharap?

## Saklaw at Limitasyon

Ang isinagawang pag-aaral ay nakatuon sa pahambing na pagsusuri sa mga isyung panlipunang sinasalamang ng mga piling akdang salin mula sa mga bansa sa Timog Silangang Asya, partikular na ang mga bansang Cambodia, Singapore, Indonesia, at Thailand na iniugnay sa Filipinas. Ito ang mga piniling bansa sapagkat ang mga ito ay may malapit na ugnayan sa bansang Filipinas. Sa ganitong pangyayari ay mas maiuugnay ang mga isyung panlipunang itinatampok sa mga akda mula sa mga nasabing bansa. Ang mga akdang pinili ay batay sa mga itinuturo sa kurikulum ng Filipino sa Kagawaran ng Edukasyon mula ika-siyam na antas hanggang ikasampu.

## Metodolohiya

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay isang kuwalitatibong pag-aaral sapagkat kasangkot dito ang proseso ng paggalugad na may layuning maunawaan nang malalim ang isang panlipunang penomena at karanasan ng mga tao sa halip na magbigay pansin sa mga lohikal at estadistikal na pamamaraan (University of Texas Arlington, 2023). Nilalayon din nitong maunawaan ang kahulugan ng buhay-buhay at pamumuhay ng mga indibiduwal maging ng mga pangkatauhang pangkalagayan (De Leon at Abuan, 2021). Binibigyang pansin sa ganitong uri ng pananaliksik ang pagbibigay diwa o “sense-making,” maging ang pag-unawa sa isang penomena sa halip na magbigay ng hinuha o paliwanag ukol dito (Bhattacharjee, 2012 mula sa aklat ni Mukul Gupta, 2011 binanggit kina dela Cruz et al., 2016).

Samantala, nabibilang din ito sa palarawang pagsusuri sapagkat tinatangka nitong mailarawan o matukoy ang kalikasan ng isang bagay sa pamamagitan ng mga iba't ibang bahagi nito (De Leon at Abuan, 2021). Inilalarawan din nito ang penomenang pinag-uukulan. Maaari itong sumagot sa ano, saan, kailan at paano ngunit hindi sa tanong na bakit (Bhat, 2023; McCombes, 2022).

### Instrumento ng Pananaliksik

Ang mga akdang sinuri ay mula sa mga bansang Cambodia, Singapore, Indonesia, at Thailand na masasabing may ugnayan sa bansang Filipinas. Ang mga akdang ito ay may saling pamagat sa Filipino at ang ilan din ay mayroon sa wikang Ingles. Sinuri ang mga akda kagaya ng “Mabuhay Ka, Anak Ko” na sinulat ni Pin Yathay mula sa bansang Cambodia na isinalin naman sa Filipino ni Ruth Elynia S. Mabanglo. Ang akdang ito ay batay sa sariling karanasan at kasawiang naranasan ng may akda sa panahon ng Khmer Rouge noong 1975. May orihinal itong titulo na “Stay Alive, My Son.”

Pangalawa ay ang “Ang Istorya ng Taxi Driver” ni Catherine Lim na nanggaling sa Singapore at isinalin naman ni Mauro R. Avena sa Filipino. Umiikot ang kuwento nito sa salaysay ng isang ama at drayber tungkol sa problema ng prostitusyon sa kanilang bansa na kinasangkutan din ng kaniyang anak. Pangatlo, “Ang Mga Tiket sa Loterya ni Haji Zakaria” na akdang nanggaling sa bansang Indonesia. Orihinal itong akda ni Mochtar Lubis at isinalin sa Filipino ni Erlinda S. Pinga na kuwento ng lalaking nalulong sa loterya at sa huli ay nagpakamatay. Panghuli, ang “Aanhin Ninyo Iyan” na isinulat ni Vilas Manwat mula sa bansang Thailand at isinalin sa Filipino ni Lualhati Bautista. Isinasalaysay rito ang isang krimen na napigilang mangyari ng pangunahing tauhan.

Naging batayan sa paghahanap ng mga ito ay ang aklat na *Pluma (9 at 10)*, mga module na ginagamit mula sa Kagawaran ng Edukasyon at ang mga kasangkapang elektroniko kagaya ng mga blog at e-journal. Sa tulong ng mga akdang saling ito ay nabigyang kasagutan ang mga suliranin ng pag-aaral, kagaya ng pagtukoy sa mga suliraning panlipunan na kinakaharap ng mga napiling bansa sa Timog Silangang Asya na iniugnay sa mga kinahaharap ng Filipinas, maging ang papel ng mga ito sa pagpuno ng pangangailangan ng mga Filipino na maging malay sa mga ganitong usapin.

### **Mga Naging Hakbang sa Panunuri ng mga Akda**

Wala na atang mas uuna pa sa pagbabasa kung isasagawa ang panunuring pampanitikan. Sa pagpili ng mga akda ay naging gabay ang mga suliraning binuo sa pag-aaral. Nagsimulang mangalap ang mga mananaliksik sa mga aklat, module at internet ng mga akdang galing sa Timog Silangang Asya na may salin sa Filipino at tinatalakay sa kurikulum ng Filipino mula sa antas Sekondarya.


Masasabing marami ang mga akdang nagmula sa kapit-bahay sa Asya ng Filipinas subalit, hinimay ang mga ito at pinili yaong makapag-aambag ng tunay at malinaw na pag-unawa sa realidad ng kanilang bansa at pamumuhay at masasabing malayo sa nakasanayang makulay na paglalarawan sa pamumuhay ng mga tao doon. Naging salik din sa pagpili ng mga akdang ito ang kanilang pinagmulang bansa na may kaugnayan sa bansang Filipinas bagaman kung titingnan sa mapa ay hindi nakadikit ang Filipinas sa mga bansang Cambodia, Indonesia, Thailand at Singapore subalit ang mga ito ay may koneksiyon halimbawa sa kalakalan, pagiging miyembro ng ASEAN at iba pa.

Matapos na mapili ang mga akda ay muling binasa ang mga ito dahil ang proseso ng pagsusuri sa mga datos ay pagsusuring pangnilalaman o content analysis. Ang mga pananaliksik na ginagamitan ng pagsusuring pangnilalaman ay nakasentro sa layuning masuri at mabusisi ang materyal ayon sa isang kaligiran (De Leon at Abuan, 2021). Isa rin itong kagamitan upang matukoy ang mga salita, tema o konsepto sa loob ng teksto na hahantong sa pag-aanalisa ng resulta (Lou, 2022; Columbia Public Health, 2023).



Naganap nang paulit-ulit ang masinsin at maingat na pagbasa sa mga akda kasabay ang pagtatala sa lahat ng mga mahahalagang impormasyong kinakailangan sa ikalulutas ng mga suliranin ng pag-aaral. Matapos ang pagbasa sa nilalaman ng mga akda, at nang natukoy ang mga suliraning panlipunan, ay sunod namang isinagawa ang paghahambing sa mga ito sa usaping panlipunang mayroon ang Filipinas, bagay namang nagbigay kasagutan sa ikalawang suliranin ng pag-aaral.

Nang maisagawa ito, sinuring muli ang mga usaping panlipunan, kung papaanong ang mga ito ay makapagkikintal sa kamalayan na mga Filipino hinggil sa kabuluhan ng pagiging malay sa mga usaping panlipunan. Ang mga naging prosesong ito ang naging dahilan kung bakit naisagawa ang pahambing na pagsusuri sa mga isyung panlipunan mula sa mga piling bansa sa Timog Silangang Asya. Sa ibaba ay ang modelo ng isinagawang pagsusuri:



**Figura 1.** *Daloy ng Proseso ng Pag-aaral*

## Resulta At Talakayan

### 1. Ang Panitikan Bilang Salamin ng Realidad at mga Isyung Panlipunan

#### *A. Ang Kuwento ng Taxi Drayber: Tagapaghatid Mula sa Pook ng Isyung Panlipunan sa Singapore*

Mula sa masusing paghihimay sa akdang “Ang Kuwento ng Taxi Driver,” mapatutunayang naging malinaw at natural ang daloy upang maipasilip sa mga mambabasa ang lipunang kinabibilangan ng tauhan. Sa pamamagitan ng pangunahing tauhang taxi drayber na siyang nagsasalaysay sa kuwento, naipakita kung paanong tanawin ang prostitusyon bilang salot at mapagwasak sa buhay ng kabataan sa kabila ng katotohanang ito ay itunuturing na propesyon. Mula sa pagdadrayber ng ama ay naisalaysay nito sa isang pasahero kung paano niya natuklasang nasasangkot ang kaniyang anak na prostitusyon. Ang pagsasalaysay ay nagbibigay-hudyat na naganap ang malawakan at mabilisang pagbabago sa bansang Singapore bilang maunlad na bansa. Ngunit kasabay ng mga pagbabagong ito ay ang mga itinuturing ding hindi mabuting dulot nito kagaya na lamang ng kabataang naging matigas ang ulo na hindi na sumusunod sa kanilang mga magulang. Gayunpaman, ang mas malubhang pagbabago ay ang pagkakasangkot ng mga ito sa prostitusyon. Mauulinagan din na hindi lamang kahirapan ang dahilan kung bakit nasasangkot ang kabataan sa pagbebenta ng kanilang laman kundi naroon ang sariling pagnanais marahil upang magkaroon ng salapi.

Sa pagkakalulong sa ganitong makamundong gawain ay natutuhan ng kabataan ang magsinungaling sa kanilang mga magulang, kagaya ni Lay Choo na anak ng drayber. Inaakala nilang itong anak ay nag-aaral nang mabuti, matalino, mabait, at desidado sa buhay dahil gabi na kung umuwi. Ngunit ang lahat ng ito ay naglaho nang matuklasan ng ama ang kaniyang sikreto na siya pala ay isa rin sa kabataang may makapal na make-up, maikli ang kasuotan at nagbebenta ng aliw. Sa ganitong mga pangyayari ay masasabing ang naging reaksiyon ng ama ay hindi naiiba mula sa mga posibleng maging reaksiyon ng mga tao sa lipunan hinggil sa prostitusyon—ang pandidiri, panghihinayang at pagkadisgusto. Mula sa pambubugbog ng ama sa kaniyang anak, ay magpapatunay ito kung paano niya tanawin ang prostitusyon bilang isang seryosong suliranin at nakahihiyang trabaho. Sa kabila nito, isang kabalintunaan kung tutuusin na ang mga prostityut at mismong prostitusyon ay tinitingnan bilang mababa ngunit patuloy na tinatangkilik.

Ang mga pagsasalaysay na ito ay naging mabisa upang gawing natural ang daloy at palutangin ang mga negatibong damdamin ng ama kaugnay ng prostitusyon. Ang paglalantad o pagsasalaysay sa isang kamalian, na ang paksa ay mismong anak, ay matibay na patunay ng hindi pagsang-ayon sa prostitusyon. Ang pagmamaneho nito habang inilalarawan ang bansa ay isang mabisang paraan upang salaminin ang tunay na nagaganap sa Singapore sa gitna ng mga nagtatayugan at makukulay na gusali.

Sa ginawang pagsusuri sa nilalaman ng akda ay masasabing lumutang ang mga suliraning panlipunan na kinahaharap ng bansang Singapore, kagaya ng prostitusyon o pagbebenta ng katawan upang kumita ng pera, at pagiging suwail ng anak sa kaniyang mga magulang. Naipakita ang mga ito dahil sa problemang kinaharap ng pangunahing tauhan nang muntik na niyang mapaslang ang kaniyang anak na dalaga dahil natuklasan niyang ito ay nagbebenta ng aliw sa mga banyaga, sa kabila ng pagtitiwalang isang mabuti at masipag na bata ang kaniyang anak. Maiuugnay ito sa artikulo ni Liang (2021) sa PKWA, nakagugulat man ngunit legal ang prostitusyon sa bansang Singapore. Sa katunayan ay kinokontrol ng gobyerno ang ilang brothel na umusbong noong ikadalawampung siglo na masasalamatin din sa historikal na nobelang *The Singapore Grip* ni James Gordon Farrell, (1978) (binanngit nina Maurya at Kumar, 2022), kung saan ay parehong maaaring magbigay ng seksuwal na serbisyo ang isang babaeng lokal o dayuhan ngunit kailangang ito ay sumailalim sa regular na medical check-up upang makapagtrabaho. Ang komersiyal sex na ito ay naging bahagi na rin ng ekonomiya at lipunan ng Singapore mula pa noong si Sir Stamford Raffles, na kinatawan ng British East India Company (E.I.C.) ay nakipagnegosasyon sa pagkuha ng Singapore noong 1819 (Herzog, 2017). Mapatutunayan sa akda kung paanong nakalalabas sa daan ang mga nagbebenta ng katawan. Ngunit sa kaso ng mga magulang na may mataas na pangarap sa kanilang mga anak na babae, ito ay isang malaking suliraning dapat solusyonan.

Ipinakikita rin ng akda ang lumalalang problema ng Singapore na kinasasangkutan ng mga kabataang nagiging drayber at pasahero ng mismong isyu. Inaakala ng mga magulang na ang kanilang mga anak ay nag-aaral nang mabuti subalit gumagawa pala ng kalokohan para lamang magkapera. Ipinasisilip din ang pagiging suwail sa pamamagitan ng pagsisinungaling sa magulang at hindi pagsasabi ng totoo sa kanilang mga ginagawang kalokohan. Ang pagsuway na ito ay maaaring dulot ng pagrerebelde na maituturing na isang unibersal na problema ng mga kabataan na ayon kay Pang (2017) ay madalas na nagaganap kapag hindi sila napagbibigyan sa kanilang mga kagustuhan tulad na lamang ng paglabas, paggala, at pakikisama sa kanilang mga kaibigan. Isang patunay na may pagnanais din sila ng kalayaan mula sa mga hindi makatuwirang ekspektasyon sa kanila.

***B. Mabuhay Ka, Anak Ko: Akdang Bumubuhay sa Gunita ng Nakalulunogs na Pagkawasak ng mga Buhay at Pag-Asa sa Bansang Cambodia***

Mula sa mabusising paghihimay sa akdang “Mabuhay Ka, Anak Ko” ay napalutang ang mga mahahalagang elemento na mayroon ito upang mapatingkad ang kulay at ganda. Hitik ang kuwento sa pagkakaroon ng mga tauhan na pinangungunahan ni Thay kabilang din ang kaniyang asawa na si Any at mga anak na sina Sudath, Nawath, at Staud. Si Thay bilang pangunahing tauhan ang tagpagsalaysay ng kuwento. Maituturing na isang istatikong tauhan sapagkat hindi naman nagbago ang kaniyang posisyon bilang isang huwarang mamamayan; kahit na nagkaroon ng isang hindi magandang karanasan sa kaniyang bayan dulot ng digmaan

ay pinili pa rin na maging mabuti hanggang sa huli at gawin ang lahat ng makakaya para sa kaniyang pamilya kahit na buhay niya ang kapalit. Si Thay ay isang mabuting asawa at ama sa kaniyang pamilya. Ang pangarap niya ay isang mapayapang pamumuhay para sa kanila, subalit ito ay hinamon ng pagkakataon at labis na nagdulot ng matinding kasawian sa kaniyang sarili.

Batay sa kaniyang pagsasalaysay ang kuwento ay naganap noong kasagsagan ng digmaang-bayan sa pagitan ng mga rebeldeng Khmer Rouge at mga militar. Matindi ang suliranin ng bayan sapagkat maraming mga sibilyan ang nadadamay at hindi naaaninag ang bakas ng kapayapaan. Ang mga pangyayaring ito ay nagsilbing tagpuan ng kuwento na isinalaysay ni Thay. Mula rito ay mababakas ang isang panahon sa Cambodia na puno ng karahasan, kawalang deriksyon, sapilitang pagpapalikas upang pagtrabahuhin sa malalayong bukirin nang walang anumang pahinga at sapat na pagkain, pang-aabuso ng mga nasa gobyerno sa kanilang kapangyarihan dahil sa malupit na pagpapatupad ng batas at pagkitil sa buhay ng mga inosente, at idagdag pa ang labis na pagpapahirap sa mga sibilyan na tutol sa malupit na pamamahala ng Khmer Rouge, na kung susuriing mabuti ay ito ang mga suliraning hinahanapan ng lunas sa kuwento. Samantala kung sisiliping mabuti ang paraan ng paglalahad ng kuwento ay makikita na ginamit ang paraang pagbabalik-tanaw, sapagkat mula sa karanasan ng may akda ay nasalamin sa pangunahing tauhan na si Thay ang isang di-makalilimutang pangyayari na isinalaysay sa kuwento kalakip ang ilang mga pagbabago sa pangalan, at kaganapan na malaking tulong sa pagpatingkad nito.

Sa pamamagitan ng mga mahahalagang elemento na mayroon ang kuwentong ito ay nailuwal ang mga mahahalagang sangkap na taglay nito, at mula rito ay nasilip ng mga mananaliksik ang mga problema sa lipunan ng Cambodia na kinabibilangan ng karahasang dulot ng digmaan, paglabag sa karapatang pantao, malawakang taggutom, kawalan ng kaayusan at kapayapaan, at pag-abuso ng gobyerno sa kapangyarihan. Ang mga ito ay naipakita sa daloy ng pangyayari sa kuwento sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng pangunahing tauhang si Thay.

Ang mga pangyayaring ito ay masasalamin mula sa kasaysayan ng nasabing bansa na ayon sa University of Minnesota (2023), sa panahon ng digmaang nasa pagitan ng taong 1975-1979 ay tinatayang nasa 1.5 hanggang 3 milyong katao ang namatay sa kamay ng mga Khmer Rouge. Ang ganitong karahasan kagaya ng pagpatay ay hindi pa rin nasusugpo sa Cambodia hanggang sa kasalukuyan; sa katunayan, ayon sa ulat ng Country Report (2023), mataas pa rin ang kriminalidad sa bansang ito kabilang ang mga krimen sa lansangan. Ang mga sandata at pampasabog daw ng militar ay madaling makuha ng mga kriminal sa kabila ng pagsisikap ng mga awtoridad na kolektahin at sirain ang mga naturang armas. Ang mga armadong pagnanakaw ay madalas na nangyayari kung saan, ang mga dayuhang residente at bisita kabilang ang mga Amerikano ay nagiging biktima. Nakatanggap din ng ulat ang Embahada na ang mga silid sa hotel ng mga Amerikano sa Phnom Penh ay ninakawan habang ang mga nakatira ay natutulong. Idagdag pa ang sinabi sa artikulo ni Helling (2022), na sa kabila rin diumano ng mabilisang

pagiging popular ng bansa sa mga turista ay patuloy pa ring lumilitaw ang mga krimen, kaya't ang bansang ito ay maituturing lamang daw na katamtamang ligtas na puntahan.

**C. Ang mga Tiket sa Loterya ni Hadji Zakaria: Salamin ng Pagtataya sa Malagim na Resulta ng Adiksiyon sa Sugal sa Indonesia**

Sa tulong ng matalik na pagbasa, naging mabisang kasangkapan ang tauhan upang mabigyang-puwang ang usapin ng pagkalulong sa sugal at ang mga masasamang epekto nito. Sa kabila ng mga mabubuting katangian ni Haji Zakaria katulad ng pagiging positibo, matatag, mapagbigay at mabuti, pinalutang pa rin ang lasong dala ng pagsusugal sa mukha ng loterya. Ang mga katotohanan hinggil sa pag-iral ng sugal saan mang lipunan ay isang usaping hindi mapasusubalian. Ang pagdating ng tauhang si Ahmad na siyang anak ng kaibigang malapit ni Haji ang siyang nagbigay ng kalinawan kay Haji kung paanong nagiging mapanganib ang sugal sa buhay ng isang tao at ang mga sinasayang nito. Sa tulong din ng anak ni Haji na si Maryam ay naging malinaw kay Ahmad kung paanong ang dating mayaman, mapagbigay at madalas na bumibista sa Mecca ay naging mahirap at hindi na nakapupunta sa nasabing banal na lugar, ito ay dahil sa pagkalugi sa pagbili ng mga bond mula sa gobyerno noong panahon ng Hapones na inaasahan niyang kumita ng malaking interes subalit hindi siya binayaran ng gobyerno. Higit namang napalutang na malaking salik ang pagkalulong sa pagbili ng mga tiket sa loterya sa paghihirap nina Hadji na kung inipon sana ang mga perang ito ayon kay Ahmad ay umabot na sa milyon ang halaga. Ang katotohanang ito ay hindi natanggap ni Haji na dahilan kung bakit siya nabago at nabuhay sa lungkot na kaniyang pinaghugutan upang kitilin ang sariling buhay. Ang paraan ng pagsasalaysay ay masasabing pabalik-tanaw na nasa ikatlong panauhan, sa tulong din nito ay nailarawan at nabigyang-diin kung bakit nagiging isang seryosong usapin ang pagsusugal.

Sa pamamagitan ng isang masinsing pangingilates sa teksto, lumutang ang mga malalaking suliraning panlipunan sa Indonesia katulad ng pagkalulong sa bisyo ng sugal kaakibat ang mga masamang epekto nito sa kabuhayan. Mula sa mga artikulo ni Yeung (2011), sinabing patuloy pa raw na yumayabong ang sugal sa bansang ito dahil na rin sa suporta ng mga taong sila sana ang unang kumakalaban dito kagaya ng mga politiko, militar at mga pulis na tumatanggap ng salapi mula sa mga sugal. Kabalintuan mang pakinggan ngunit ayon sa Market Trends (2022), ang sugal ay itinuturing na ilegal sa bansang Indonesia ngunit umiiral ang maraming mga online site na puwedeng nilang bisitahin upang magsugal, kagaya ng Lucky Block, BK8, cmd368, 1xbet, 22bet at marami pang iba.

Ang paglala nito sa bansang Indonesia ay makikita rin sa pananaliksik nina Budiman et al (2022); ayon sa kanila, dahil sa pag-alagwa ng teknolohiya ay tumaas din ang krimen gamit ang sopistikadong *Modus Operandi* at ang krimeng ito ay mauuri bilang *cybercrime* kagaya ng paglaganap ng mga *modus operandi*. Isa sa mga kaso ng *cybercrime* na laganap sa ngayon ay ang

pagsusugal sa pamamagitan ng internet. Binanggit din na ang mga kabataan ay nalululong sa ganitong gawain na nagdudulot ng hindi maganda sa kanila, kagaya na lamang ng pag-ubos ng kanilang oras dito, napababayaan na rin nila ang kanilang kalusugan dahil sa pagkaunti nang mga gawaing pisikal, pumupurool din ang kanilang kakayahan sa pakikisalamuha at nagiging suliranin sa kanila ang pag-iwas sa adiksiyong ito. Isang realisasyon ito na nagiging isang malaking suliranin ang sugal sa bansang ito dahil na rin may malaking partisipasyon ang mga mahahalagang pinuno na sana'y malay sa mga masasamang epekto nito.

*D. Aanhin Nino Yan? Akdang Nagsisilbing Repleksiyon ng Isyung Kaugnay ng Pagpapahalagang Moral sa Thailand*

Sa isinagawang matalik na pagbasa sa kuwento ay lumutang ang mga mahahalagang elemento na mayroon ito. Kabilang dito ang pagkakaroon ng mga tauhan na mahahati sa dalawa—ang istatiko at dinamiko. Ang mga ito ay hayag na naisalaysay sa naging daloy ng pangyayari. Ang pagiging istatiko ay bakas na bakas sa katauhan ni Nai Phan na isang mabuti, responsable at maunawaing tauhan. Ang karakter niya ay salamin ng isang taong may pagmamahal sa kapayapaan at hindi ambisyon ang paghahangad ng salapi para maging mayaman. Sa di-inaasahang pagkakataon ay sinubok ang karakter ni Nai Phan ng isang binatang estranghero. Sa loob ng tindahan nito isang gabi ay naganap ang isang pangyayari na hahantong sana sa isang krimen, subalit ito ay hindi natuloy sapagkat ang pangunahing tauhan na si Nai Phan ay naging mahinahon sa kabila ng panganib at banta nito sa kanya.

Maituturing na hindi nagbago ang kaniyang karakter sa umpisa hanggang wakas sapagkat batay sa kuwento ay naliwanagan ang binatang estranghero sa mahinahong pakikiusap ni Nai Phan. Ang dating masama, at mapagbantang binata ay nagkaroon ng maliwanag na kaisipan at nangako na tatalikuran na ang paggawa ng masama na udyok lamang ng kagipitan kaya napilitang humawak sa patalim. Ang pangyayaring ito sa estranghero ang nagbigay ng konklusyon sa mga mananaliksik kung bakit dinamiko ang naging uri ng kaniyang karakter sapagkat nagbago siya sa huli.

Maituturing na ang suliranin sa kuwentong ito na kailangang hanapan ng lunas ay ang pagkapit sa patalim ng binatang estranghero dahil sa kagipitan. Ito ang nagtulak sa kanya upang gumawa ng krimen, dahil dito ay maaaring masira ang kaniyang moral at may buhay na mawawasak ang kay Nai Phan. Samantala ginamit naman ang pagbibigay pahiwatig at daloy ng kamalayan bilang paraan ng pagkukuwento na kung saan ay nabigyan ng hudyat at kahandaan ang mambabasa sa mga susunod pang pangyayari at napag-isip nang malalim kung paano nakaapekto sa kilos ng mga tauhan ang pagkakaroon ng mahinahong damdamin na ipinakita ni Nai Phan at malawak na pananaw ng binatang estranghero. Sa pamamagitan nito ay mas lalo pang napalalim ang bisa, kulay at tingkad nito bilang akda na tagapagmulat sa kaisipan ng mambabasa.

Sa pamamagitan ng mga mahahalagang elemento na mayroon ang kuwentong ito ay nailuwal ang mga mahahalagang sangkap na taglay nito at mula rito ay nasilip ng mga mananaliksik ang mga suliraning panlipunan sa Thailand, kagaya ng paggawa ng krimen dulot ng mahigpit na pangangailangan at pagkasira ng moral ng isang tao.

Ang ganitong pangyayari ay masasabing patuloy na nagaganap sa bansang Thailand. Mula sa naganap na sarbey noong 2020 ayon sa *The Asian Post* (2020), mas tumitindi ang pagkabahala ng mga Thai sa kanilang kaligtasan kung ikukumpara sa mga nakalipas na taon. Sa sarbey ng Suan Dusit Rajabhat University, o Suan Dusit Poll na isinagawa mula noong Enero 15-18 sa 1,365 katao sa buong bansa, kasabay ng sunod-sunod na balita ng malubhang krimen-kabilang na ang mga panggagahasa, pagnanakaw at pagbebenta ng droga na nagtapos sa isang nakawan sa tindahan ng ginto sa Lalawigan ng Lop Buri, lumalabas na ito raw ang resulta ng pagbagsak ng kanilang ekonomiya bunga ng mababang pagganap ng gobyerno. Ang paghina ng export, at tensiyon sa pagitan ng China at US, dahilan din umano ang lumalalang kalagayang panlipunan at mababang pamantayang moral ng bansang Thailand.

## **2. Ang Filipinas Bilang Anino ng mga Bansa sa Timog Silangang Asya**

### *A. Ang pag-iral ng prostitusyon at pagiging suwail sa magulang na inilahad sa akdang Singapore na **Ang Istorya ng Taxi Drayber***

Ang ganitong mga suliranin ay maiihalintulad din sa mga problemang kinahaharap ng mga kabataan dito sa Filipinas kung saan ay nasasangkot ang mga ito sa mga ilegal na gawain katulad ng cybersex o ang paraan ng pagbebenta ng katawan sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga maseselang bahagi nito sa kanilang mga banyagang parokyano mula sa harap ng kumpyuter. Ang ganitong gawain ay maituturing na isang prostitusyon at ang gawaing ito ay mariing itinuturing na ilegal sa Filipinas. Malinaw itong makikita sa Artikulo 202 ng Binagong Kodigo Penal Bilang Sinusog ng Batas Blg. 10158 na nagsasabing ang babaeng nakikipagtalik o gumagawa ng kahalayan para sa pera o kita ay itinuturing na patutot o prostitute. Sinumang mapatunayang magkasala sa mga saklaw ng artikulong ito ay dapat parusahan ng arresto menor o multa na hindi higit sa 200 piso, at sa kaso ng *recidivism*, arresto mayor sa katamtamang panahon nito hanggang sa pagkakakulong correalational sa pinakamababang panahon o multa mula 200 hanggang 2,000 piso, o pareho, sa pagpapasya ng korte. Sa usaping ito, hindi rin ligtas sa cybersex ang ilang menor-de-edad na ibinubugaw mismo ng kanilang magulang para lamang magkaper. Kabilang sa pagbebenta ng laman na ito ang child trafficking na talamak sa mga malalayong probinsiya na kung saan ay nire-recruit ang mga bata para ibenta ang katawan sa mga banyagang kustomer na nagiging kalakaran din sa pagkita ng malaking pera.

Kung ihahambing ang kaso ng prostitusyon ng Singapore sa Filipinas, legal na itinuturing ang pagbebenta ng katawan sa kanila ngunit tinutulan ito ng marami lalo na ng mga magulang.



Samantalang sa kaso ng Filipinas ay ilegal man kung maituring ngunit napakatalamak at hindi napipigilan sa kabila ng pag-iral ng mga batas kagaya ng Anti-Trafficking in Persons Act of 2003. Idagdag pang ipinagbabawal ang mga menor-de-edad na masangkot dito sapagkat maituturing itong kaso ng panggagahasa. Subalit natuklasan mula sa ulat ni Redfern (2019) na nasasangkot na sa ganitong gawin ang mga batang wala pa sa hustong gulang. Ang ilang nasa gulang na 14 ay lumalahok na sa ganitong klase ng trabaho kagaya sa Angeles City, Pampanga na dating base ng mga amerikanong militar na matagal nang naging sentro ng “turismo sa seks”: ilegal na prostitusyon sa pagitan ng mga dayuhang lalaki at mga babaeng Pilipina na madalas ay tinedyer pa at naipit sa industriya, o mga kabataang babae na itinutulak sa sex trade sa pamamagitan ng panggigipit ng pamilya o kahirapan.

Mataas din ang antas ng rayot na kinasasangkutan ng mga kabataan sa kalunsuran na nakukuhanan ng CCTV. Bagaman ang away gang na ito ay hindi na bago, nakakabahalang nasasangkot na ang mga kabataan na dapat sana’y abala sa pagtupad ng kanilang mga hangarin at pangarap sa buhay. Makikita ang ganitong sitwasyon mula sa ulat ni Nelz (2022), kung saan, ang grupo ng kabataan ay nakikipagbasagan ng ulo sa kahabaan ng kalsada habang nagbabatuhan ng mga babasaging bote kaya’t nagkalat ang bubog sa kalye. Ipinakikita lamang nito na ang mga kabataan ay nagiging suwail sa batas at hindi sinusunod ang mga pangaral ng kanilang mga magulang na umiwas sa gulo.

*B. Ang pagpapaksa sa karahasang dulot ng digmaan, paglabag sa karapatang pantao, malawakang taggutom, kaguluhan, at pag-abuso ng gobyerno sa kapangyarihan mula sa akdang Cambodian na **Mabuhay Ka, Anak Ko***

Sa Filipinas maihalintulad din ang suliranin na may kaugnayan sa digmaan para ilarawan ang masaklap na pangyayari sa Lungsod ng Marawi, nang kubkubin ito ng mga teroristang Maute na nagresulta sa maraming bilang ng mga sibilyang naipit at mga sundalong namatay. Ang bakbakan sa Marawi sa pagitan ng puwersa ng pamahalaan ng Filipinas at mga militanteng Islamic State ng Iraq at ang Levant, kabilang ang mga pangkat ng Maute at Abu Sayyaf, na naganap mula Mayo hanggang Oktubre 2017, ay nagtagal ng limang buwan. Ang labanang ito ay naging pinakamahabang digmaan sa pook urban sa makabagong kasaysayan ng Filipinas. Ayon sa Amnesty International (2017), nagdulot ang digmaang ito ng pagkalagas ng dose-dosenang buhay at malawakang pagkasira ng mga tahanan at ari-arian sa gitna ng bakbakan. Maitatala rito kung paano tinarget ng mga militanteng kaalyado ng IS ang mga kristiyanong sibilyan para abusuhin ang hindi bababa sa 25 extrajudicial killings, malawakang paghostage, at malawakang pagnanakaw ng mga ari-arian ng sibilyan.

Maiuugnay rin ito sa hindi matapos-tapos na insurhensya sa pagitan ng mga rebeldeng komunistang NPA at puwersang militar ng bansa na hindi pa rin natatapos at nagdudulot ng mga engkwentro na dahilan upang maraming mga sundalo, sibilyan at rebelde ang namamatay.

Isa rin sa mga hindi makalilimutan ay ang Mamasapano Encounter na kinabibilangan ng SAF 44 kung saan ay maraming kapulisan ang napatay sa isang engkuwentro na hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin nabibigyan ng hustisya sapagkat hindi tukoy kung sino ang dapat managot. Maituturing din na isang malawakang paglabag sa karapatang-pantao ang kampanya ng gobyerno ng administrasyong Duterte—ang Oplan Tokhang o Giyera Kontra Droga kung saan na maraming mga gumagamit ang hindi na nabigyan ng pagkakataong malitis sa hukuman.

Bagaman digmaan ang tampok ng akdang mula sa Cambodia ay makikita nang malinaw ang isyung kinaharap din ng Filipinas sa panahong nakikipagdigmaan ang bawat buhay mula sa kalabang hindi nakikita—ang COVID-19. Laganap ang pang-aabuso sa kapangyarihan sapagkat mismong mga pinuno ang lumalabag sa mga kautusan at protocol kagaya sa kaso ng senador na si Coco Pimentel na nilabag ang quarantine protocols. Bagaman alam niyang siya’y positibo sa COVID-19 ay pumunta pa rin siya sa hospital upang tulungan ang kaniyang asawang magsisilang ng bata (Gregorio, 2020). Gayunpaman ay hindi siya nanagot sa kaniyang paglabag habang ang mga normal na mamayang nakalabag ay nakatatanggap ng parusa kagaya ng pagkakabilanggo. Idagdag pa ang 15 bilyong korapsiyong kinasangkutan ng PhilHealth na natuklasan sa gitna ng pananalasa ng pandemya bunga ng mga irregularidad sa pagpapatupad ng pansamantalang mekanismo ng reimbursement ng korporasyon, na nagbibigay bayad sa mga ospital na apektado ng kalamidad tulad ng bagyo, upang matiyak ang kanilang patuloy na operasyon at pagkakaloob ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan (Ravelo, 2020). Sa huli ay hindi nanagot ang dapat managot. Kaya masasabing ang kahirapan, korapsiyon, pang-aabuso sa kapangyarihan ay isang malinaw na halimbawa ng paglabag sa karapatang pantao at pinag-uugatan ng kaguluhan at kawalang kaayusan.

*C. Ang pagkatalung sa bisyo ng sugal at ang epekto nito sa kabuhayan na ipinakita ng akdang **Ang Tiket sa Loterya ni Hadji Zakaria** mula sa bansang Indonesia*

Ang suliranin ni Hadji Zakaria ay hindi nalalayo sa bisyo ng mga Filipino sa pagtaya sa sugal at pagkahumaling dito, dahil sa paniniwalang maaaring manalo ng limpak limpak na pera at makaahon sa kahirapan. Maraming anyo ng sugal ang maiiugnay sa Filipinas na nagdudulot ng pagkasira ng pamilya at pagbagsak ng kanilang kabuhayan tulad ng sabong at makabagong anyo nito na online sabong na tinatawag sa Pampang na talpak. Dahil sa online sabong na ito ay maraming buhay ang nawala.

Mababanggit sa ganitong usapin ang 34 na lalaking nawawala at hindi pa makumpirma kung buhay pa nga ba, sa ulat ni Tabbad (2022). Sinabing naghayag noon ang PNP na wala pa silang nakukuhang mapagkakatiwalang datos upang matunton ang mga naiulat na nawawalang tumatalpak noong 2021, bagaman ipinangakong matatamo ng mga pamilya ang hustisya ngunit hanggang ngayon ay hindi pa ito naibibigay. Dahil sa adiksiyon sa sabong ay may

magulang pang naibenta ang kaniyang anak upang makapagsabong. Hindi na rin mabilang ang mga pamilyang nagkawatak-watak at nawalan ng tahanan dahil sa pagkalulong sa gawaing ito.

Nariyan din ang pagtaya sa huweteng na parokyano ang maraming mga Filipino sa bawat sulok ng baryo, lalo na sa malalayong probinsya na kinabibilangan ng mga mahihirap. Imbes na pambili na sana ng pagkain ay itinataya pa nila rito dahil sa pag-asang manalo. Isang patunay sa pagkahumaling at pag-asa ng mga Filipino sa huweteng ay ang pagkakahirang nito bilang isa sa mga salita ng taon noong 2005. Ayon kay Añonuevo (2005), binago nito ang ugnayang pangkapangyarihan; kagaya sa Indonesia, mismong mga pinuno, politiko, mga pulis at iba pa ang sumasang-ayon dito sapagkat sila ay may nakukuhang porsiyento. Nanghimasok din ang sugal na ito sa usapin ng ekonomiya at kultura kaya't nagsilang din ito ng maraming mga salita na nagbago ang kahulugan at iniugnay sa malawak na usaping panlipunan. Hindi rin maihihiwalay ang pagtaya sa lotto na isang pagbabakasakaling maghahatid ng suwerte, ngunit sinasabing mas mataas pa ang tyansang tamaan ng kidlat ang isang tao kaysa manalo rito.

Kabilang din ang malaking perang ginagastos sa pagtaya sa Casino ng mga Filipino na nasa mas mataas na antas ng katayuan. Ngunit maging ito ay hindi rin nagdudulot ng mabuti sapagkat nagiging dahilan ito ng pagkasira ng pamilya at pagbagsak ng negosyo. Nahahati ang pananaw ng mga Filipino sa usapin ng sugal, dahil ang sugal na ito ay pinamamahalaan ng mga higanteng politiko at personalidad, gayundin ay ipinapako nito sa isipan ng mga Filipino na bagaman ito ay sugal, kabuhayan pa rin itong maituturing sa marami. Nagagawa rin nitong mas lalong paigtingin ang pananampalataya ng mga Filipino sa pagbabakasakaling manalo sa halip na gumawa ng paraan upang magtrabaho.

*D. Ang paggawa ng krimen dulot ng mahigpit na pangangailangan at pagkasira ng moral ng isang tao na nasuri sa akdang Thailand na **Aanhin Nino Yan?***

Maiugnay ang ganitong krimen sa iba't ibang anyo at madalas ay nangyayari ito sa Filipinas kaya nga't tila naging tradisyon nang lamanin ng iba't ibang pahayagan at balita ang usapin ng krimen. Ang iba't ibang anyo nito ay kinabibilangan ng panloloko tulad ng salisi gang, laglag barya gang, dura gang at budol-budol gang.

Nariyan din ang iba't ibang anyo ng iskam na marami ang naloloko at nabibiktima dahil sa pain nitong nangangako ng malaking halaga, na madalas ay kinakagat naman ng mga hindi mapanuring mga Filipino sa paniniwalang maaaring makuha at mapakinabangan ang mga alok na ito. Sa Artikulo 1338 ng *Kodigo Sibil ng Filipinas*, isinasaad na may pandaraya o scam kapag may paggamit na ng mapanlinlang na mga salita sa mga partidong nakipagkontrata, ang isa ay nakukumibinsi kung may pagpupumilit at panghihikayat na pumasok sa isang kasunduan na kung wala ang mga hinihingi ay hindi siya papayag.

Sa kabila ng mga umiiral na batas laban sa scamming kagaya ng Article 315, Revised Penal Code ay umiiral pa rin ang mga mapagsamantala at hindi natatakot na manloko. Sa katunayan ay nagkaroon ng iba't ibang uri ng internet fraud scam kagaya ng Boiler Room, Romances Scam, Lottery Scam, Banking and Online Account Scam (Card Skimming, Phishing, Email Spoofing), at Nigerian Scam (Nigerian 419 Scam, Check Operator Scam, Inheritance Scam, Emergency or Grandparent Scam) (Azurin at Doria, 2022).

Maibibilang din dito ang iba't ibang modus tulad ng rent tangay at iba pa, na ang pakay ay makapagnakaw ng pera na minsan ay humahantong pa sa isang malagim na krimen tulad ng pagpatay.

### **3. Ang Panitikan Bilang Tagapuno ng Pangangailangan Tungo sa Kamulatan**

#### *A. Nabibigyang diin ng mga akda ang pangangailangang maging isang mabuting mamamayan ng bansa*

Sa tulong ng pagiging maalam at malay sa mga suliraning panlipunan na ipinakikita sa akdang “Ang Istorya ng Taxi Drayber” ay namumulat ang mga Filipino na maging responsableng mamamayan ukol sa pangangalaga at pagtatanggol sa kaniyang karapatan, dignidad at dangal; na hindi ibebenta ang katawan dala ng kahirapan o matinding pangangailangan; na kaniyang isasaisip at isasaalang-alang ang marubdob na pagtingin sa katawan bilang bahagi ng kaakuhan, na hindi gagamitin para kumita ng salapi sa maling pamamaraan sa kabila ng mga mabibigat na suliraning pampersonal.

Palalalimin nito ang pagmamahal sa sarili at paiiralin ang konsensiya ukol sa panganib na maaaring matamo sa pagbebenta ng katawan. Maiiwasan din ang mga hindi inaasahang pagkakataon na nagsasangkot sa mga menor-de-edad sa cybersex at child trafficking dahil nagsisilbi ang panitikan na mata at boses na makatutulong upang mapalakas ang kampanya ng pamahalaan sa pagsupil sa mga ganitong klase ng aktibidad, kasabay ang pagmumulat sa mga magulang na protektahan ang kanilang mga anak, at paigtigin ang pagpapatupad ng batas ukol sa mga nambubugaw at umaabuso sa pagiging inosente ng kabataan.

#### *B. Napupunan ang pangangailangang irespeto ang mga magulang at sarili bilang miyembro ng pamilya*

Pupunan din nito ang pangangailangan ng mga Filipino lalo na ng mga kabataan na maging responsable at disiplinado sa pagsunod sa kani-kanilang mga magulang. Sa tulong ng mga akdang ito ay maikikintal sa puso at isipan nila ang halaga ng pagiging mabuting anak at pagkakaroon ng disiplina sa sarili na magtutuwid sa pagkakamali tungo sa landas ng kabutihan at matuwid na buhay kung saan ay may pag-iwas sa gulo.

### *C. Ang pagpapahalaga sa buhay at tungkuling ipinagkaloob sa bawat isa*

Samantala, sa tulong din ng akdang “Mabuhay Ka, Anak Ko” ay namumulat ang mga Filipino na punan ang kanilang kamalayan ukol sa pagpapahalaga sa buhay ng kapuwa, pagrespeto sa karapatan ng mga ito, pagtatanggol sa dignidad, at pagpapairal sa kapayapaan at kalayaan na mabuhay sa isang masaya, ligtas at makataong lipunan. Sa tulong nito ay naikikintal sa puso at isipan ng mga Filipino ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang bansa na malayo sa karahasan, kung saan ay ipinatutupad ang batas nang pantay-pantay; ang pagsasaalang-alang ng gobyerno sa mga desisyong makabubuti sa kapakanan ng nakararami; ang pagtupad nila nang buong husay sa kanilang mga tungkulin kagaya ng pagtatanggol sa mga mamamayan laban sa mga mapang-abuso; at ang halaga ng pagtututol sa anumang hakbang na maglalagay ng nakararami sa kapahamakan.

